# Ang Pagka-Soberano Ng Diyos Sa Kaligtasan

**"Ang pagliligtas ay mula sa PANGINOON"**
**Jonas 2:9**

**ni Rev. Steven Houck**

## PAUNANG-SALITA

Pinangaralan tayo ni apostol Pablo, "Ang nagmamalaki ay ipagmalaki ang Panginoon." (1 Cor. 1:31). Ito ang pangunahing tungkulin ng bawat tao. Ating luwalhatiin ang **Diyos** hindi ang ating mga sarili. Ayon sa kalikasan ng tao, siya ay nakakiling na ipagyabang ang kanyang kapangyarihan at abilidad, at ang kanyang mga gawa at kalooban; subalit hindi niya ito dapat gawin. Dahil **wala** naman tayong dapat ipagmalaki. Sa ating mga sarili, tayo ay walang anuman at higit na mababa pa sa kawalang anuman (Isa. 40:17). Lahat nang meron tayo ay bigay ng Diyos sa atin. "Siya (ang Diyos) ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng lahat ng bagay na ito… sa Kanya tayo'y nabubuhay, at kumikilos, at nasa Kanya ang ating pagkatao…" (Mga Gawa 17:25, 28). Kung tayo ay magmamalaki, dapat nating ipagmalaki ang kadakilaan at kapangyarihan ng Diyos, ang mga gawa at pamamaraan ng Diyos. Tayo ay pinangaralan, "Umawit kayo sa kanya (sa Diyos), umawit kayo sa kanya ng mga papuri; sabihin ninyo ang lahat niyang kahanga-hangang mga gawa!" (Mga Awit 105:2).

Pagkatawag natin na luwalhatiin, lalo na ang kahanga-hangang gawa sa **kaligtasan** ng Diyos. Kasama ng Mang-aawit ating awitin, "Purihin mo ang PANGINOON, O kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mga biyaya —na siyang nagpapatawad ng lahat mong mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng lahat mong karamdaman; na siyang tumutubos ng iyong buhay sa Hukay: na siyang nagpuputong sa iyo ng habag at tapat na pagmamahal…" (Mga Awit 103:2-4). Dahil walang wala tayong naiambag man lamang sa kaligtasan. Lahat ng ito ay mula sa kahanga-hangang gawa ng Diyos. Siya ang **Soberanong Tagapagligtas**. Bago pa itinatag ang sanlibutan nasa Kanyang **plano na** ang kaligtasan. Kanyang nakamtan ang kaligtasang ito sa pamamagitan ng pagsusugo sa Kanyang Anak upang mamatay sa krus. Dahil sa Kanyang biyaya **naisagawa** Niyang mag-isa ang kaligtasan sa puso at buhay ng Kanyang bayan. Kaya nga, mula sa pasimula hanggang sa katapusan, "ang kaligtasan ay sa **Panginoon**" (Jonas 2:9). Lahat ng kaluwalhatian ay **sa Diyos**.

Aming dalangin na ang Panginoong Diyos ay malugod na gamitin ang babasahing ito bilang patotoo ng Kanyang soberanong biyaya, sa ikasusulong ng hangarin ng Kanyang Katotohanan, at sa ikaluluwalhati ng Kanyang dakilang pangalan. "Magbunyi ka, O Diyos, sa itaas ng mga langit, ikaw na naging dakila! Ang iyong kaluwalhatian nawa'y mapasa buong lupa!" (Mga Awit 57:5).

Rev. Steven Houck
Minister of the Protestant Reformed Churches in America

# MGA NILALAMAN


- Ang Diyos na Soberano
- Ang Soberanong Kalooban ng Diyos
- Soberanong Pagtatalaga
- Paunang-Kaalaman
- Soberanong Pag-ibig ng Diyos
- Pag-ibig ng Diyos at ang Krus
- Partikular na Pagtutubos
- Kapanganakang-muli
- Ang Kasamaan ng Tao
- Ang Tawag na Nakapagliligtas
- Ang Pananampalatayang Nakapagliligtas
- Pagbabagong-loob
- Pagpapawalang-sala
- Pinapaging-banal
- Pangangalaga at Pagtitiyaga
- Pagluluwalhati
- Mga Nabanggit na Kasulatan

## ANG DIYOS NA SOBERANO

Itinuturo sa atin ng Kasulatan na ang Diyos ay **ganap na soberano**. Bilang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat, Siya ang namamahala sa sanlibutan. Siya ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng mga panginoon, ang Kataas-taasang Diyos. Sa Kanya ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad na gawin anumang Kanyang maibigan sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba. Ang sanlibutang ito at lahat ng naririto ay Kanyang sanlibutan. Bawat nilalang ay nauukol sa **Kanyang soberanong kalooban at kapangyarihan**. Ito ang kinilala ni Haring David nang kanyang pinapurihan ang Panginoon sa mga pananalitang, "Iyo, O PANGINOON ang kadakilaan, kapangyarihan, kaluwalhatian, pagtatagumpay, at karangalan. Sapagkat sa iyo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa; iyo ang kaharian, O PANGINOON, at ikaw ay mataas na pinuno sa lahat." (1 Cronica 29:11).

Tunay na ang Panginoon ang "ulo ng lahat." Walang nilalang, ito man ay hayop, tao, o anghel, na maaaring bumigo sa soberanong pamamahala ng Diyos. Tama si Nebuchadnezzar nang ipahayag niya, "Aking pinuri ang Kataas-taasan, at aking pinuri at pinarangalan siya na nabubuhay magpakailanman. Sapagkat ang kanyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, at ang kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. Ang lahat ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at kanyang **ginagawa ang ayon sa kanyang kalooban** sa hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. **Walang makakahadlang sa kanyang kamay**, o makapagsasabi sa kanya, "Anong ginagawa mo?" (Daniel 4:34-35). Walang sinuman ang makapipigil sa kamay ng Diyos mula sa anomang ninanais Niya; kahit pa ang hukbo ng langit at mga nabubuhay sa lupa. Kahit pa marami ang magtaas ng kanilang mga kamao sa pagsuway sa Diyos, kahit pa nilalapastangan nila ang Kanyang panuntunan at Kautusan, at kahit sila ay magrebelde laban sa Kanya sa lahat ng kasamaan sa kanilang mga puso; subalit sa lahat ng ito ang Diyos ang mataas na naghahari. "Sapagkat sa PANGINOON ang kaharian, at siya ang namumuno sa mga bansa." (Awit 22:28).

Kung ang Diyos ay **Diyos**, ibig sabihin, Siya ay soberano sa lahat. Kung Siya ay Makapangyarihan sa lahat, walang sinuman na may kapangyarihan ang makabibigo sa kapangyarihan at paghahari ng Diyos. Siya ay Diyos at Siya lamang ang Diyos. Ganito tinuruan ni Moises ang bayan ng Israel, "Ang PANGINOON ay siyang Diyos sa itaas sa langit at sa ibaba sa lupa; wala nang iba pa." (Deut. 4:39). Sapagkat tayong lahat ay kinikilala bilang walang anuman. "Lahat ng mga bansa ay parang walang anuman sa harap niya; kanyang itinuring ang mga ito na mas kulang pa sa wala at walang laman." (Isa. 40:17). Tayo ay hindi nga mahalaga kung ihahambing sa walang hanggang Diyos na tayo ay walang anuman. Tayo ay mababa pa sa wala.

Kaya tiyak hindi natin masasabi sa Diyos na, "Anong ginagawa mo?" Tiyak hindi natin maaaring tanungin ang anuman sa sinasabi at ginagawa ng Diyos. Siya ang Soberanong Diyos at tayo ang Kanyang mga nilalang na may hangganan. Siya ang Magpapalayok at tayo ang putik. Kaya ating mababasa, "Kahabag-habag siya na makikipagpunyagi sa Maylalang sa kanya! Isang luwad na sisidlan sa isang magpapalayok! Sinasabi ba ng luwad sa nagbibigay anyo sa kanya, 'Anong ginagawa mo?' o 'ang iyong gawa ay walang mga kamay?" (Isa. 45:9). Ang Diyos ay may karapatang gawin sa atin ang anumang Kanyang maibigan at tayo ay hindi maaaring tumutol o magtanong. Marapat na tayo ay lumuhod sa Kanya na may mapagpakumbabang pagpapasakop palagi. "Sapagkat ganito ang sabi ng **Mataas** at **Matayog** na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal: Ako'y naninirahan sa mataas at banal na dako, at gayundin sa may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob, upang buhayin ang loob ng **mapagpakumbaba**, at upang buhayin ang puso ng may **pagsisisi**." (Isa. 57:15).

## ANG SOBERANONG KALOOBAN NG DIYOS

Dahil ang Diyos ay soberanong Diyos, ang Panginoon at Tagapamahala ng langit at ng lupa, gayundin naman ang **kalooban** ng Diyos ay soberano. Dahil ang Diyos ang Hari ng

sangnilikha, ang Kanyang panukala at layunin ay hindi matitinag. Dahil imposibleng maisip na ang isang soberanong Diyos na ang layunin at kalooban ay mabibigo ng mga pinamumunuan Niya. Kung ang kalooban ng pinamumunuan ay mababago o mababaligtad ang kalooban ng namumuno, ang namumuno kung gayon ay hindi isang soberano. Ang soberanong Diyos ay marapat na may soberanong kalooban rin. Iyan mismo ang itinuturo sa atin ng Biblia. Niloloob ng dakilang Diyos ng langit at lupa ang makalulugod sa Kanya at pagkatapos ay ginagawa ang Kanyang naisin. Dahil ang Diyos mismo ang nagpapahayag sa pamamagitan ni propeta Isaias, "Ako'y Diyos, at walang iba; ako'y Diyos, at walang gaya ko, na nagpapahayag ng wakas mula sa pasimula, at mula nang mga unang panahon, ng mga bagay na hindi pa nangyayari; na nagsasabi, **Ang layunin ko ay maitatatag, at gagawin ko ang lahat ng aking kaligayahan**." (Isa. 46:9-10).

Tunay nga, walang sinumang tulad sa Diyos. Sino ang makapagsasabi sa atin ng katapusan ng isang bagay sa pasimula nito, kahit bago pa ito nagsimula sa takbuhin nito? Sino ang magagawang ipahayag ang mga bagay na hindi pa nangyayari, bago pa ito maging isang kasaysayan? Tiyak, ang Diyos lang ang makagagawa nito. Dahil ito ang pinakakalooban at layunin ng Diyos na nakakaalam ng pag-iral at takbuhin ng lahat ng mga bagay. Ang kalooban Niya ay tunay na soberano na itinakda Niya ang eksaktong mangyayari sa sanlibutang ito. Itinakda at itinalaga ng Diyos ang lahat ng mga bagay. Kahit ang pinakamaliit na mga detalye ay natatalastas ng Kanyang kalooban at layunin. Kaya tinukoy Siya ng apostol bilang Diyos na, "gumagawa ng **lahat ng mga bagay** ayon sa kanyang pasiya at kalooban." (Efeso 1:11). Lahat ng mga bagay ay gayon nga at ginagawa ang gayon dahil ang Diyos ang gumagawa nito sa kanila. At Siya ay kumikilos sa kanila sa ganap na pagkakatugma ayon sa Kanyang niloob sa Kanyang pasiya. Walang anumang labas sa takdang pasiya ng Diyos.

Ang nakamamangha pa nga, ang pagnanais na ito ay nangyari sa wala pang pasimula. Ang kalooban ng Diyos at pasiya ay hindi nasasakop ng panahon, ni ng anumang oras. Ito ay mataas pa sa panahon at kasaysayan. Ito ay "ayon sa **walang hanggang panukala** na kanyang ginawa kay Cristo Jesus na Panginoon natin."(Efeso 3:11). Noong una pa na wala pa ang sanlibutan, ang takbo ng kasaysayan ay inihanda na at ipinasiya sa pamamagitan ng layunin ng Diyos kay Jesu Cristo. Kaya maging ang Kanyang layunin din ay magpapatuloy na walang patid at di-nagbabago hanggang sa walang katapusan. Inaawit pa nga natin ito kasama ng Mang-aawit, "Ang payo ng PANGINOON kailanman ay nananatili, ang mga iniisip ng kanyang puso sa lahat ng salinlahi." (Mga Awit 33:11).

Mayroon bang anumang pag-aalinlangan na ang kalooban ng soberanong Diyos ay palaging napangyayari? Dahil ang Kanyang panukala ay tatayo magpakailanman, sa lahat ng mga salinlahi, walang sinuman ang tiyak na makabibigo sa kalooban ng Diyos. Ito mismo ang patotoo ng Diyos sa Kanyang sarili. Ating mababasa, "Ang PANGINOON ng mga hukbo ay sumumpa: Gaya ng aking binalak, gayon ang mangyayari; at gaya ng aking pinanukala, gayon ang mananatili... Sapagkat pinanukala ng PANGINOON ng mga hukbo, at sinong magpapawalangbisa nito? Ang kanyang kamay ay nakaunat, at sinong mag-uurong nito?" (Isa. 14:24, 27). Ang kalooban ng Diyos ay soberano. Wala kahit isa ang makapagpapawalang-halaga sa nilayon ng Diyos – ni ang taong masama na aktibo sa paghahatid ng walang kaluguran sa Panginoon sa pamamagitan ng kanyang pagsuway at pagre-rebelde. Ang mga tao ay maaaring kumatha ng lahat ng uri ng pakana upang ibagsak ang Diyos na Kataas-taasan; subalit soberano ang Diyos, na Kanyang isinasakatuparan ang Kanyang kalooban kahit sa pamamagitan ng kanilang mga katha. "Sa puso ng isang tao, ang panukala'y marami, **ngunit ang layunin ng PANGINOON ang siyang mananatili.**" (Mga Kawikaan 19:21). Ang Kanyang layunin ay mananatili at Kanyang gagawin ang Kanyang maibigan. (Isa. 46:11). Ang Diyos ay soberano at ito ay

nangangahulugang maging ang Kanyang kalooban ay soberano rin.

## SOBERANONG PAGTATALAGA

Dahil ang Diyos ay ang soberanong Diyos, na ang Kanyang layunin ay mananatili magpakailanman, na ang Kanyang kalooban ay hindi mabibigo, at ang Kanyang layunin ay hindi mapapawalang-halaga; masasabi natin na ang Kanyang kalooban at pagnanais ay soberano lalo na pagdating **sa kaligtasan**. Hindi maaari na ang tao ang siyang may pagnanais, ayon sa kanyang sariling kalooban, kung siya ba ay maliligtas o hindi. Ang tiyak, kailangang hanapin ng tao ang Diyos, ibigin Siya, at paglingkuran Siya mula sa pusong may **pagnanais**. Subalit dahil ang Diyos ay lubos na soberano, ang kaligtasan ay naka-depende lamang talaga sa **Kanyang soberanong pagpili**. Dahil Siya ang walang katapusang Maylikha na Siyang may karapatan at kapangyarihang gawin ang nakalulugod sa Kanya para sa Kanyang may hanggang nilalang – kahit pa sa usapin ng walang hanggang patutunguhan.

Kaya, itinatanong ni apostol Pablo, "O wala bang karapatan ang magpapalayok sa luwad, upang gumawa mula sa iisang limpak ng isang sisidlan para sa marangal na gamit at ang isa'y para sa pangkaraniwang gamit? Ano nga kung sa pagnanais ng Diyos na ipakita ang kanyang poot, at ipakilala ang kanyang kapangyarihan, ay nagtitiis na may pagtitiyaga sa mga kinapopootan niya na inihanda para sa pagkawasak; upang maipakilala niya ang kayamanan ng kanyang kaluwalhatian sa mga kinaaawaan, na kanyang inihanda nang una pa para sa kaluwalhatian?" (Mga Taga Roma 9:21-23). Ang Diyos ay soberanong Magpapalayok at tayo na Kanyang mga nilalang, ay putik. Gaya sa panlupang magpapalayok na may soberanong kapangyarihan sa putik, upang gawin nito ang anumang nais niya, ang Diyos man ay soberanong ginagawa ang anumang nakalulugod sa Kanya.

Ginagawa Niya ang ilan na "sisidlan ng kaawaan" na Kanyang "inihanda noong una pa tungo sa kaluwalhatian." Sila ang mga taong hinirang ng Diyos, sila na Kanyang pinili para sa kaligtasan kay Cristo. Sa kanila sinasabi ng apostol, "Ngunit kami ay dapat laging magpasalamat sa Diyos dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng Panginoon, sapagkat **hinirang kayo** ng Diyos bilang unang bunga sa kaligtasan…" (2 Tes. 2:13). Bago pa likhain ang sanlibutan, ayon sa Kanyang walang hanggang panukala at layunin ang Diyos ay pumili ng ilan upang maging Kanyang natatanging bayan. Sinasabi ng mang-aawit, "Mapalad ang bansa na ang Diyos ay ang PANGINOON; ang bayan na kanyang pinili bilang kanyang mana!" (Mga Awit 33:12). Sa kanila na bayang pinili ng Diyos, sa Kanyang kaawaan, iginawad ang pananampalataya at pagsisisi, at lahat ng mga pagpapala ng kaligtasan upang matawag nga silang "sisidlan ng kaawaan." Kaya nga ating mababasa, "Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na siyang nagpapala sa atin kay Cristo ng **bawat pagpapalang espirituwal** sa sangkalangitan**, ayon sa pagkapili niya sa atin** sa kanya bago itinatag ang sanlibutan…" (Efeso 1:3-4). O tunay ngang pinili natin ang Diyos, subalit ito'y matapos Niya tayong piliin at igawad sa atin ang kapangyarihan upang piliin Siya. Sinabi ni Jesus, "Ako'y hindi ninyo pinili, ngunit kayo'y pinili ko …" (Juan 15:16).

Tinukoy rin ni apostol Pablo ang "mga sisidlan ng kapootan na angkop sa pagkawasak." Dahil ang Diyos ay soberano, ang Kanyang kalooban ay hindi lamang ang dapat maging batayan sa kaligtasan, kundi gayundin sa walang hanggang pagkawasak. Hindi lamang pumili ang Diyos ng iilan upang maligtas at maluwalhati, kundi itinalaga rin Niya ang iba tungo sa "pagkawasak." Tinukoy ni Santiago ang mga taong ito nang sabihin niya na "Sapagkat may ilang taong nakapasok nang lihim, ang mga iyon ay matagal nang **itinalaga sa kahatulang ito**…" (Judas 4). Tinutukoy sila ni apostol Pedro bilang, "subalit sa mga hindi nananampalataya: **na dito naman sila itinalaga**." (1 Pedro 2:7-8). Ang Diyos ay walang iginawad na pananampalataya at pagsisisi sa mga taong ito, upang sila ay magpatuloy pa sa

kanilang kasalanan at kasamaan. Tinitingnan Niya sila, hindi sa pag-ibig, kundi sa Kanyang kapootan. Kaya nga sila ay tinukoy bilang "mga sisidlan ng kapootan."

Hindi na nakapagtataka pa, ipinahayag ng Kasulatan, "Kaya ito ay hindi ayon **sa kalooban** o **pagsisikap** ng tao, kundi ayon sa habag ng Diyos." (Mga Roma 9:16). Ang kaligtasan kailanman ay hindi magiging base sa mga gawa o maging sa kalooban natin. Kung nagtitiwala tayo kay Cristo bilang ating Tapagaligtas at may pag-asa sa kaluwalhatiang nasa atin, ito ay dahil sa iisang bagay – ang soberanong kalooban ng Diyos at mabuting kasiyahan na nagtalaga sa atin sa kaluwalhatian. Dahil ang ating Diyos ay ang Diyos na "Siyang sa atin ay nagligtas at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon **sa ating mga gawa**, kundi ayon **sa kanyang sariling layunin at biyaya**. Ang biyayang ito ay ibinigay sa atin kay Cristo Jesus bago pa nagsimula ang mga panahon." (2 Tim. 1:9). Ang mga salitang "sa Kanyang sariling layunin at biyaya" ay walang iba kundi ang Kanyang mahahabaging katalagahan ng paghirang na siyang bukal ng bawat mabuting kaligtasan.

## PAUNANG-KAALAMAN

Dahil ang Diyos ay soberanong nagtalaga ng buhay ng bawat tao (ang iba ay tungo sa kaluwalhatian at ang iba ay sa pagkawasak), hindi nga maaari na ang pagtatalaga ng Diyos ay ayon sa **pagpili ng tao** – ang kanyang pananampalataya at pagsisisi. Hindi maaari na sa Kanyang paunang kaalaman, ang Diyos ay tumingin lamang sa kasaysayan at nakita ang sasampalataya at pagkatapos, ayon sa kaalamang iyan, pinili sila tungo sa kaligtasan at kaluwalhatian. Dahil magiging soberano ang pagpili ng tao kaysa sa pagpili ng Diyos. Gagawin nito na ang pagtatalaga ng Diyos ay nakadepende lamang sa kalooban ng tao. Gayunman, itinuturo ng Kasulatan, na ang paghirang ay walang kinalaman sa gagawin ng tao. Kaugnay ng paghirang kay Jacob at sa pagtatakuwil kay Esau, mababasa natin sa Mga Taga Roma 9:11, "Sapagkat bagaman ang mga anak ay hindi pa isinisilang, at hindi pa nakakagawa ng anumang

mabuti o masama, (upang ang layunin ng Diyos ay manatili alinsunod sa pagpili na **hindi sa pamamagitan ng mga gawa**, kundi doon sa tumatawag)." Dahil ang Pagtatalaga ay ayon sa layunin ng Diyos, hindi maaaring maging ayon ito sa gawa ng tao – hindi ang kanyang mabuti o masamang gawa, hindi sa kanyang pananampalataya o sa kanyang kawalan ng pananampalataya. Kapwa ang paghirang at pagtatakuwil ay walang kondisyon o *unconditional*. Ang pagtatalaga ay ayon sa soberano at malayang pagpili lamang ng Diyos.

Katunayan, ang paunang kaalaman ng Diyos ay hindi paunang pagkakita lamang ng hinaharap na pangyayari. Walang kinalaman dito sa kasaysayan ng tao at nakita ang gagawin niya o hindi gagawin. Ginawang maliwanag ito ng Mga Taga Roma 8:29-30. Ating mababasa, "Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak… at yaong mga itinalaga niya ay kanya namang tinawag at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang ganap; at ang mga itinuring na ganap ay niluwalhati din naman niya." Pansinin na sa mga talatang ito ay may di-mapuputol na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari na ginagawa ng Diyos. Nakilala Niya ang iilan, at ang mga ito rin ay Kanyang itinalaga, tinawag, pinawalang-sala, at niluwalhati. Sila na Kanyang nakilala ay silang Kanyang ililigtas at dadalhin sa walang hanggang kaluwalhatian. Kaya ang Paunang Kaalaman ay hindi maaaring tumukoy sa isang pagkaalam na karunungan lamang sa **lahat ng tao**. Dahil ang lahat ng mga tao ay hindi ligtas at maluwalhati. Bagkus ito ay tumutukoy sa kaalaman ng Diyos sa Kanyang sariling bayan, na silang mga maliligtas at maluluwalhati.

Subalit ang paunang kaalamang ito sa bayang pinili ng Diyos ay hindi lamang **pagkaalam na may karunungan** rin. Itinuturo ng Kasulatan sa atin na ito ay napakahalagang malalim na karunungan ng pag-ibig. Nang makilala ng Diyos ang Kanyang piniling bayan, inibig nga Niya sila. Inibig Niya sila bago pa ipanganak. Kaya ating mababasa sa Amos 3:2, "Kayo lamang ang aking **nakilala** sa lahat ng angkan sa lupa…" Tunay, Siya na

nalalaman ang lahat ng mga bagay, ay Diyos na nakakikilala na may karunungan sa lahat ng sambahayan sa lupa. Subalit ang nakikilala lamang Niya ay ang Kanyang bayan (ang sambahayan ng Diyos) sa pag-ibig. Ganito rin ang pagpapahayag ni Cristo nang sabihin Niya, “Ako ang mabuting pastol. Kilala ko ang sariling akin, at kilala ako ng sariling akin… ibinibigay ko ang aking buhay para sa mga tupa.” (Juan 10:14-15). Samantalang nakikilala na may karunungan ng upahan ang tupa, hindi naman niya sila iniibig. Kaya nga, tumatakas siya kapag dumarating ang asong-gubat. Subalit si Cristo, na Siyang nakakikilala sa Kanyang hinirang na bayan sa pag-ibig, ay ibinibigay ang Kanyang buhay para sa mga tupa. Kaya ang paunang-kaalaman nga ng Diyos, kung gayon, ay ang Kanyang walang hanggang pag-ibig para sa Kanyang piniling bayan.

Ito ang walang hanggang karunungan ng pag-ibig na siyang basehan ng paghirang. Hindi pinili ng Diyos ang sinuman sa kaligtasan at kaluwalhatian dahil nakita Niya noon na sila ay sasampalataya at magsisisi sa kanilang mga kasalanan. Kanyang soberanong pinili sila dahil soberano Niyang inibig sila kay Cristo Jesus. Kung ating babalikan ang di-napapatid na pagkakasunud-sunod sa Mga Taga Roma 8:29-30, ating makikita na ang “nakilala” ay nauna bago ang “itinalaga.” Ang bayan ng Diyos ay naligtas at naluwalhati dahil sila ay itinalaga ng Diyos, at sila ay itinalaga dahil sila’y inibig ng Diyos mula pa sa walang pasimula.

Kaya nga ating mababasa, “Kayo'y inibig at pinili ng PANGINOON hindi dahil sa kayo'y mas marami kaysa alinmang bayan ni sapagkat kayo ang pinakakaunti sa lahat ng mga tao; kundi **dahil iniibig kayo ng PANGINOON**… kaya inilabas kayo ng PANGINOON sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay at tinubos kayo…” (Deut. 7:7-8). Ang soberano at walang hanggang pag-ibig ng Diyos (paunang-kaalaman) ang nasa likod ng paghirang.

## SOBERANONG PAG-IBIG NG DIYOS

Dahil ang Diyos ay soberano sa pagtatalaga at ang pagtatalaga ay nakabatay sa malalim na karunungang-pag-ibig ng Diyos (paunang-kaalaman), ang pag-ibig din naman ng Diyos ay soberano. Ang pag-ibig Niya ay mahalagang nakaugnay sa Banal na paghirang, na ito ay kasing-soberano gaya ng paghirang na kalooban ng Diyos, na kasing-soberano rin mismo ng Dios. Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi isang emosyon na walang lakas, na nagnanais maligtas ang lahat ng tao, subalit walang lakas na isakatuparan ang pagnanais na iyon. Ang pag-ibig ng Diyos ay dapat isang epektibong-lakas na hindi lang niloloob ang kaligtasan ng layon nito (paghirang), kundi magagawang iligtas talaga sila.

Tunay na itinuturo sa atin ng Kasulatan na ang pag-ibig ng Diyos ay isang makapangyarihang lakas na isang pag-ibig na nakapagliligtas. Imposible sa pag-ibig ng Diyos na hindi maligtas ang pinagpalang paglalaanan nito. Ating mababasa sa pananalita mismo ng Diyos, "Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, **kaya**'t ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo." (Jer. 31:3). Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi nakaupo lang sa paligid habang pinagmamasdan ang mga pinaglaanan nito na mapunta sa impierno at walang ginagawa patungkol dito. Kung iniibig ka ng Diyos, ililigtas ka nga Niya. Ang Kanyang walang hanggang pag-ibig ay isang makapangyarihang lakas na palaging inaakay ang tao patungo sa Kanya. Sinabi Niya, "Kaya." Dahil iniibig Niya ang Kanyang bayan, dapat Niyang dalhin sila ng epektibo tungo sa kalayaan sa kasalanan at kamatayan at patungo sa kaluwalhatian ng Kanyang walang hanggang pagliligtas. Hindi papayagang mangyayari ng soberanong pag-ibig ng Diyos na mapahamak ang Kanyang bayan. Walang pinaglaanan ng Kanyang pag-ibig ang nasa impierno sa kasalukuyan, ni magkakaroon man ng sinuman doon. Kung hindi maliligtas ang pinaglaanan Niya nito mula sa impierno, isang malupit at **mahinang** pag-ibig nga ito.

Ang gayong kalupit at mahinang pag-ibig ay hindi pag-ibig ng Diyos. Sinasabi ni apostol Pablo, "Ngunit ang Diyos, **palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kanyang malaking pag-ibig sa atin**, maging noong tayo'y mga patay sa pamamagitan ng ating mga pagsuway, **binuhay niya tayo** kay Cristo…" (Efe. 2:4-5). Binubuhay ng Diyos ang Kanyang bayan, ginagawa Niya silang espiritual na buhay sa pamamagitan ng makapangyarihang lakas ng Kanyang kaawaan at biyaya. Subalit bakit? Bakit binibigyan sila ng Diyos ng buhay kaysa hayaang mabulok na lang sa hukay ng impierno? Dahil sa nag-iisang kadahilanan – iniibig Niya ang Kanyang bayan. Ang pag-ibig Niya ay hindi mahina o walang lakas, na iniiyakan ang mga makasalanang naliligaw sa impierno dahil wala itong kayang gawin upang matulungan sila. Ang pag-ibig ng Diyos ang **nagpapalaya** sa makasalanan mula sa pagkawasak sa impierno.

Sumasang-ayon dito si apostol Juan. Ipinapahayag niya, "Masdan ninyo kung anong uri ng pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y matawag na mga anak ng Diyos…" (1 Juan 3:1). Masdan mo ang pag-ibig ng Diyos. Masdan mo ang kalikasan nito. Ang kahanga-hangang soberano ang dahilan kaya naging posible para sa mga hinirang ang tawaging mga anak ng Diyos. Sila na mga anak ng kapootan ay tatawaging mga anak ng Diyos dahil sa pag-ibig ng Diyos. Ang soberanong lakas ng epektibong pag-ibig ng Diyos ang **gumagawa** sa kanila na maging mga anak Niya. "Nang bata pa ang Israel, **minahal ko siya, at mula sa Ehipto ay tinawag ko ang aking anak**." (Hosea 11:1).

Kaya hindi ibig sabihin na iniibig ng Diyos ang bawat isa. Dahil ang pag-ibig ng Diyos ay soberano at kaya naman, palagi itong nakapagliligtas na pag-ibig, tanging sila na nakaranas ng kaligtasan ng Panginoon ang pinaglaanan ng Kanyang pag-ibig. Iniibig ng Diyos ang Kanyang hinirang na bayan, sila na Kanyang pinili sa kaligtasan, subalit ang Kanyang walang hanggang galit at ang poot ay mananatili sa makasalanang itinakuwil. Ipinapahayag ng mang-aawit, "Sinusubok ng PANGINOON ang matuwid at ang masama, at **kinapopootan ng kanyang**

**kaluluwa** ang nagmamahal sa karahasan." (Mga Awit 11:5). Ang Diyos ay napopoot hindi lamang sa mga kasalanan ng masasama, kundi maging sa masasama mismo. "Ang hambog ay hindi makakatayo sa iyong harapan, **kinapopootan** mo ang lahat ng **mga gumagawa** ng kasamaan." (Mga Awit 5:5). Ang Kanyang poot, hindi ang pag-ibig Niya, ay mananatili sa kanila ng walang hanggan (Mga Awit 7:11, Juan 3:36). Si Jacob, na pinili ng Diyos kay Cristo bago pa itinatag ang sanlibutan, ang pinaglaanan ng buong pag-ibig ng Diyos. Subalit si Esau, na itinalaga ng Diyos sa pagkawasak, ay walang hanggang pinaglaanan ng Diyos ng Kanyang poot. Sinabi ng Diyos, "Si Jacob ay aking minahal, ngunit si Esau ay aking kinasuklaman." (Malakias 1:1-3, Mga Taga Roma 9:13). Kaya naman, hindi iniligtas ng Diyos si Esau, kundi hinayaan siya sa kanyang kasalanan, at sa pagdurusa sa walang hanggang impierno.

Kaya, ang tao na mapupunta sa impierno ay hindi mapupunta roon sa kabila ng pag-ibig ng Diyos. Mapupunta siya roon na wala ang pag-ibig ng Diyos. Sa isang banda naman, ang tao na mapupunta sa langit ay mapupunta roon, hindi dahil sa kanyang kalooban o mga gawa, kundi dahil sa soberanong pag-ibig ng Diyos na palaging nagliligtas. Isang pinagpalang kapanatagan para sa anak ng Diyos. Hindi siya iiwan ng pag-ibig ng Diyos sa impierno, kundi pupulutin Niya sila at ililigtas mula sa lahat niyang kasalanan at kamatayan. Hindi siya hahayaan ng Kanyang soberanong pag-ibig na mapahamak. Isa itong kahanga-hangang pag-ibig! Isang kahanga-hangang lakas na epektibo! Kaya naman ang bayan ng Diyos ay marapat magalak sa "Diyos na ating Ama na umibig sa atin at nagbigay ng walang hanggang kaaliwan at mabuting pag-asa sa pamamagitan ng biyaya…" (2 Tes. 2:16). Dapat silang magalak sa soberanong pag-ibig ng Diyos.

## ANG PAG-IBIG NG DIYOS AT ANG KRUS

Dahil ang pag-ibig ng Diyos ay hindi damdamin na walang magagawa kundi isang epektibong lakas na palaging nagliligtas sa pinaglaanan nito, kasunod nito na ang kamatayan din ni Cristo sa

krus ay isang soberanong lakas na naisasakatuparan ang kaligtasan ng bayan ng Diyos. Dahil ang soberanong pag-ibig ng Diyos ay **nahayag** sa krus ni Cristo. Ang kamatayang handog ni Cristo ay nagpapakita kung gaano iniibig ng Diyos ang Kanyang bayan. Sa krus ating makikita na ang epektibong pag-ibig ng Diyos ay **soberanong kumikilos**. Kaya naman, isinulat ni apostol Juan, "Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin, sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya." (1 Juan 4:9).

Kung nais mong masdan ang pag-ibig ng Diyos sa buo nitong kamanghaan, titigan mo ang krus. Isipin mo ito! Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang bayan na **ibinigay Niya** ang Kanyang tanging bugtong na Anak upang mamatay para sa kanila upang sila ay mabuhay sa pamamagitan Niya. Ipinadala Niya ang Kanyang **sariling** Anak, na Siyang nasa sinapupunan ng Ama, at Siyang iniibig ng Diyos ng isang ganap, at walang hanggang pag-ibig. Napakadakila, walang katapusan, lubos na kahanga-hanga ang pag-ibig ng Diyos para sa Kanyang bayan na ibinigay ang Kanyang Sarili sa Kanyang Anak sa krus. Dahil sinasabi ni apostol Pablo na ang "iglesia ng Diyos" ay iglesia na "na binili niya (Diyos) ng kanyang (ng Diyos) sariling dugo." (Mga Gawa 20:28).

Tunay na makikita natin na ang kamatayan ni Cristo sa krus ay isang bahagi ng walang pasimulang plano ng Diyos para sa kaligtasan ng Kanyang bayan. Ang relasyon sa pagitan ng pag-ibig ng Diyos at ng krus ay taimtim, na imposibleng ang krus ay isang bagay na insidente o aksidente lamang. Ang kamatayan ni Cristo ay hindi lamang basta nangyari. Ang krus ang hindi ipinilit sa Diyos ng masasamang tao na ang puso ay laban sa Panginoon at sa Kanyang Pinahiran. Hindi, kahit kailan! Bilang pagpapahayag sa walang katapusang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang bayan, ang krus ang **pinaka-puso at pusod** ng layunin ng Diyos na kaligtasan. Ang krus ay ang soberanong pamamaraan na ginagamit ng Diyos upang iligtas ang Kanyang iniibig na bayan mula sa impierno. **Sadya Niyang nilayon** na mapako si Cristo at paslangin para sa kanilang mga kasalanan. Kaya ating mababasa,

“Sapagkat sa katotohanan, sa lunsod na ito, sina Herodes at Poncio Pilato, kasama ng mga Hentil at ng bayan ng Israel, ay nagsama-sama laban sa iyong banal na Lingkod na si Jesus, na iyong pinahiran, **upang gawin ang anumang itinakda ng iyong kamay at ng iyong pasiya na mangyayari.**” (Mga Gawa 4:27-28).

Tunay nga, Siya ay kinuha ng masasamang tao at ipinako, subalit lahat ng ito ay ginawa ayon sa mabuti at ganap na kalooban ng Diyos (Mga Gawa 2:23). Ang krus ay hindi nahuling-isip, hindi biglang-pangyayari, kundi isang **soberanong** gawa ng Makapangyarihang Diyos na Siyang gumagawa ang lahat Niyang maibigan. Ang krus ang ganap na katuparan sa layunin ng Diyos. Kaya naman sa Apocalipsis 13:8 si Cristo ay tinawag na “ang Kordero na pinaslang buhat nang itatag ang sanlibutan.” Siya ang Kordero na pinaslang para sa ating kaligtasan noon pa sa walang hanggang panukala ng Diyos.

Nangangahulugan ito na ang krus ay isang kapangyarihan mismo – ang **soberanong kapangyarihan** ng Diyos. Dahil sa malaking pag-ibig ng Diyos, isinugo si Cristo upang mamatay para sa Kanyang bayan na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan tayo ay mabuhay, ang kamatayang iyan ay **dapat magligtas** at **magbigay ng buhay** sa lahat ng pinaglaanan ng pag-ibig ng Diyos. Hindi ginagawang **posible** ng krus ang kaligtasan para sa lahat upang sinuman ay magtamo nito, kung tatanggapin lamang nila ito. Ang kamatayan ni Cristo ay **nagliligtas talaga** sa bayan ng Diyos. “Sapagkat ang Anak ng Tao ay dumating upang hanapin at **iligtas** ang nawala.” (Lucas 19:10). Sa Kanyang kamatayan sa krus, si Cristo ay hindi lamang gumagawa ng probisyon para sa kaligtasan. Kanya **talagang tinamo** ang pagliligtas. Kaya ating mababasa, “Hindi rin sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga toro, kundi sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, siya ay pumasok na minsan magpakailanman sa Dakong Banal, sa gayo'y **tinitiyak** ang walang hanggang katubusan.” (Heb. 9:12). Ito ang pinaka-kapangyarihan na nakapagliligtas. Itinuturo ng apostol na nang sabihin niya na, “subalit ipinangangaral namin

ang Cristo na ipinako sa krus, na isang katitisuran sa mga Judio at kahangalan sa mga Hentil, ngunit sa kanila na mga tinawag, maging mga Judio at mga Griyego, **si Cristo ang kapangyarihan ng Diyos** at ang karunungan ng Diyos." (1 Cor. 1:23-24). Tunay nga, si "Cristo na napako" ang "kapangyarihan ng Diyos" – ang soberano at epektibong kapangyarihan ng Diyos na nagligtas sa bayan ng Diyos mula sa lahat ng kasalanan. Iniibig ng Diyos ang Kanyang bayan, namatay si Cristo para sa kanila, kaya tiyak nga, maliligtas silang lahat.

## PARTIKULAR NA PAGTUTUBOS

**Dahil ang soberanong pag-ibig ng Diyos ay partikular (sa kanila lamang na hinirang), at dahil ang krus (ang mismong kapangyarihan ng Diyos na nagtitiyak ng kaligtasan), ay soberanong pagpapatibay ng pag-ibig na ito, kinakailangang ang katubusan sa krus ay limitado sa iniibig na bayang pinili ng Diyos**. Ang pagtutubos ni Cristo na tinamo ni Cristo sa krus ay para sa partikular at tiyakang grupo ng tao. Ito ay limitado lamang sa kanila na iniibig ng Diyos at Kanyang pinili upang maligtas bago pa natatag ang sanlibutan. Si Cristo ay **hindi** namatay para sa bawat isa. Namatay Siya para sa mga hinirang ng Diyos at sa kanila lamang. Dahil ang pagpili ng Diyos ay soberano at dahil ang pag-ibig Niya ay soberano, ibig sabihin totoo nga ito. Hindi kailangang maglaan ang Diyos ng kaligtasan para sa lahat at pagkatapos ay maghihintay upang ang tao ay magpasya. Kung iyan ay totoo, ibig sabihin hindi Siya soberano. Ang pagtutubos na walang limitasyon ay hindi lalapat sa pagiging soberano ng Diyos. Ginagawa nito ang tao na soberano kaysa sa Diyos. Subalit soberano ang Diyos. Siya ay soberanong gumagawa para sa Kanyang layunin sa kaligtasan. Kaya naman, isinugo Niya si Cristo upang mamatay, hindi para sa lahat, kundi para sa kanila lamang na Kanyang **nilayong** iligtas.

Ganito mismo ang itinuturo sa atin ni Jesus. Sinasabi Niya, "Ako ang mabuting pastol. Kilala ko ang sariling akin, at kilala ako ng sariling akin. Gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama, at ng

pagkakilala ko sa Ama, at ibinibigay ko ang aking buhay **para sa mga tupa**." (Juan 10:14-15). Si Cristo ang Mabuting Pastol at ang Kanyang bayan (sila na Kanyang nakikilala at nakikilala Siya) ay ang Kanyang mga tupa. Ibinibigay Niya ang Kanyang buhay para sa mga tupa. Hindi Siya namatay para sa lahat, dahil ginawa Niyang napakaliwanag na marami ang hindi Niya tupa. Sa talatang 26 ng kaparehong kabanata sinasabi Niya, "Subalit hindi kayo naniwala, sapagkat hindi kayo kabilang sa **aking mga tupa**…" Ang masama na hindi kilala si Cristo ay hindi kailanman sasampalataya sa Kanya dahil Niya siya tupa (bayang hinirang). Hindi sa kanila namatay si Cristo. Siya ay namatay para lamang sa mga tupa.

Ayon kay apostol Pablo, binubuo ng mga tupa ang iglesia ni Cristo. Pinapangaralan niya ang mga matatanda sa iglesia. "Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan. Sa kanila'y inilagay kayo ng Espiritu Santo na mga tagapangasiwa upang pangalagaan ninyo **ang iglesya ng Diyos na binili niya ng kanyang sariling dugo**." (Mga Gawa 20:28). Binili ng ng Diyos kay Cristo ang Iglesia ng Kanyang mahalagang dugo. Hindi Niya binili ang lahat ng tao, hindi ang mga hinirang at ang mga itinakuwil. Ibinuhos Niya ang Kanyang dugo upang maging pambayad sa katubusan para lamang sa Kanyang Iglesia. Ito ay napakagandang pahayag sa Efeso 5. Ating mababasa, "Mga asawang lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyung mga asawa, gaya ni Cristo na nagmahal **sa iglesya, at ibinigay ang kanyang sarili alang-alang sa kanya**." (Efeso 5:25). Inibig ni Cristo ang Kanyang Iglesia mula pa noong wala pa ang saligan ng sanlibutan kaya naman ibinigay Niya ang Kanyang Sarili, ibinigay Niya ang Kanyang buhay sa krus, para sa kanya. Pansinin na ang tayo ay may pag-ibig ni Cristo at ng krus ni Cristo na magkaugnay sa talatang ito. Kung paanong ang pag-ibig ni Cristo ay partikular (tanging sa hinirang lamang), gayundin ang Kanyang pantubos na **kamatayan** ay partikular.

Ang limitadong naaabot ng pagtutubos ay tiniyak ng Mga Taga Roma 8 kung saan ay sinabi sa atin, na walang pag-aalinlangan, na namatay si Cristo para **sa hinirang**. Sinasabi ng apostol, "Siya na

hindi ipinagkait ang kanyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit naman hindi ibibigay sa atin nang walang bayad ang lahat ng mga bagay?"(Mga Taga Roma 8:32). At sino ang mga taong ito na iniligtas ni Cristo? Sino iyong, "sa ating lahat"? Matatagpuan natin ang sagot sa mga talatang 33 at 34, "Sino ang magsasakdal ng anuman laban **sa mga pinili ng Diyos**? Ang Diyos ang siyang umaaring-ganap. Sino ang hahatol? Si Cristo Jesus na namatay, oo, siyang muling binuhay mula sa mga patay, na siya ring nasa kanan ng Diyos, na siya ring namamagitan para sa atin." Sila ang mga hinirang ng Diyos. Ang bayang hinirang ng Diyos ay walang dapat ikatakot sa kahatulan – hindi kay Cristo at hindi sa Diyos. Dahil si Cristo ay namatay para sa kanila at sa pamamagitan ng kamatayang ito pinawalang-sala sila ng Diyos. Iyan ang kapangyarihan ng krus. Ang masasama na hindi nauunawaan ang pagpapawalang-salang ito at hinatulan ng walang hanggan sa impierno, ay hindi kasama sa pagtutubos na ginawa ni Cristo sa krus. Dahil kung gayon nga, mawawalan na ng basehan ang kanilang kahatulan. Bakit pa sila hahatulan dahil sa kanilang mga kasalanan, kung binayaran na ni Cristo ang gayong mga kasalanan sa krus? Hindi, si Cristo ay hindi namatay para sa kanila. Si Cristo ay namatay para sa mga hinirang ng Diyos. Higit pa dito, ang gawa ng krus ay tunay na soberano at walang maaari pang humatol sa bayan ng Diyos. Walang maaaring makapahiwalay sa kanila mula sa pag-ibig ng Diyos na nahayag kay Cristo sa krus (Mga Taga Roma 8:35-39). Sa ganito sinasabi ng Panginoon, "Sila'y binibigyan ko ng buhay na walang hanggan, **at kailanma'y hindi sila mapapahamak**, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay." (Juan 10:28). Tunay nga, "makikita niya (ni Cristo) ang kanyang supling (ang hinirang)… Kanyang makikita ang bunga ng paghihirap ng kanyang kaluluwa, at masisiyahan." (Isa. 53:10-11).

## KAPANGANAKANG-MULI

Ang Diyos ay soberano. Siya ay soberano sa buo Niyang pagka-Diyos. Ibig sabihin, na ang kalooban Niya ay soberano. Ito ay soberano na Siya lamang ang nakakaalam, sa paghirang at

pagtatakuwil, ng kahihinatnan ng bawat tao. Ang kadahilanan sa kaligtasan ay ang kalooban ng Diyos at hindi ang kalooban ng tao. Higit pa rito, dahil ang kalooban ng Diyos ay soberano, gayundin naman ang Kanyang pag-ibig na nasa likod ng soberanong paghirang. Ito ay napaka-soberano kaya ang mga pinaglaanan ng pinagpalang pag-ibig ay tiyak na ligtas. Ang kamatayan ni Cristo, bilang isang epektibong gawa at kapahayagan ng pag-ibig na ito, ay nagbibigay ng seguridad sa kaligtasan ng Kanyang piniling bayan.

Ngayon, dahil totoo ang lahat ng ito, kasunod nito na ang **pagsasagawa ng kaligtasang ito** ay soberanong gawa rin ng Diyos. Dahil ang Diyos ang nagtatakda ng ililigtas Niya, dahil iniibig Niya ang piniling bayan at isinugo si Cristo upang mamatay upang tiyakin ang kanilang kaligtasan, dapat din ay soberanong isasagawa ang kaligtasan sa kanilang mga puso at buhay. Mahirap mawari na gagawa ang Diyos ng plano para sa ating kaligtasan, tinamo ang pagliligtas na ito sa pamamagitan ng itinalagang kamatayan ng Kanyang nag-iisang bugtong na Anak, at pagkatapos iiwanan sa tao na mapangyari ang kaligtasang ito sa kanyang sarili. Hindi, dahil ang Diyos ang nagplano nito, **Siya lamang** ang magpapatupad ng planong ito. Soberano Niyang isasagawa ang kaligtasan sa hinirang na makasalanan.

Ating nakita na ganito nga sa pinakapasimula pa lamang na gawa ng pagliligtas na ginawa ng Diyos sa makasalanan, pinili at inibig sa pamamagitan Niya. Ang **Kapanganakang-muli** o *Regenaration,* ang bagong kapanganakan, na hindi gawa ng tao, kundi soberanong gawa ng Makapangyarihan sa lahat. Ang kapanganakang-muli ay makapangyarihang gawa ng soberanong Diyos kung saan Siya, hiwalay sa anumang kalooban o gawa ng tao, ay nagbibigay ng buhay sa pinili ngunit makasalanang patay ang espiritu. Kaya ating mababasa nga sa Efeso 2:4-6, "Ngunit ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kanyang malaking pag-ibig sa atin, maging noong tayo'y mga patay sa pamamagitan ng ating mga pagsuway, **binuhay niya tayo** kay Cristo — sa pamamagitan ng biyaya kayo'y naligtas, at tayo'y muling binuhay

na kasama niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus." Sa ating kalikasan tayo ay espiritual na patay, subalit sa kapanganakang-muli binubuhay tayo ng Diyos. Ang kapanganakang-muli ay isang **espiritual na muling pagkabuhay** mula sa kamatayang espiritual. Ang Diyos ay nagbibigay ng buhay sa kanila na lubos na walang buhay noon – "mga patay sa kasalanan." Kung paanong ang pagkabuhay na muli ng katawan ay makapangyarihang gawa Diyos, gayundin naman ang kapanganakang- muli, bilang spiritual na pagkabuhay, ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng kahanga-hanga at makapangyarihang gawa ng soberanong biyaya ng Diyos. Hindi magagawang ibangon ng isang bangkay ang sarili nito na nabubulok mula sa libingan, dahil wala itong buhay. Imposibleng may magawa ang isang taong pisikal na patay. Gayundin ang patay sa espiritu na walang magagawa upang makapag-ambag sa kanilang kapanganakang-muli.

Mas higit pa itong naipahayag sa pamamagitan ng katotohanang ang kapanganakang-muli ay walang iba kundi ang **pagtatanim ng isang bagong puso**. Sa propesiya ni Ezekiel ating mababasa, "Bibigyan ko kayo ng bagong puso, at lalagyan ko kayo ng bagong espiritu sa loob ninyo. Aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at aking bibigyan kayo ng pusong laman." (Eze. 36:26). Ayon sa kalikasan, ang patay na makasalanan ay may pusong kasintigas ng bato. Hindi ito tumatanggap ng Salita ng Diyos. Hindi nito iniibig ang Diyos ni nagnanais na lumakad sa mga kautusan ng Diyos. Subalit sa *regeneration*, ang Diyos ay soberanong inaalis ang pusong-bato at sa halip, binibigyan Niya ito ng isang pusong laman, isang pusong malambot at handang makinig. Bilang isang Dakilang Manggagamot, Kanyang itinatanim sa mga makasalanang hinirang, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ang isang puso na nagmamahal sa Kanya at naghahangad na sumunod sa lahat Niyang kautusan. Liban sa bagong puso, imposible sa isang makasalanan ang tumalikod mula sa kanyang mga kasalanan, at sa pamamagitan ng pananampalataya, hanapin nito ang tunay at buhay na Diyos.

Kaya naman, ang *regeneration* ay hindi maaaring sa kalooban o gawa ng tao. Hindi maaari na ang pananampalataya at pagsisisi ay **mauna** sa *regeneration* at sa gayon ay **mga kondisyon** na dapat munang mangyari bago tayo ipanganak na muli ng Diyos. Kapwa ang pananampalataya at pagsisisi ay imposible nang hiwalay sa bagong kapanganakan. Kung ang tao ay may pananampalataya ito ay dahil binuhay na siya ng Diyos. Ang pananampalataya ay bunga ng kapanganakang-muli at hindi ang kabaligtaran nito. Inilalarawan ni apostol Juan na ang mananampalatayang naipanganak-muli ay silang "ipinanganak hindi sa dugo, sa kalooban ng laman, **o sa kalooban ng tao**, kundi ng Diyos." (Juan 1:13). Ang bagong panganak ba na sanggol ay makakatulong sa kanyang ina upang maipanganak? O siya ba ay may naiambag sa anumang paraan sa kanyang pananatili sa tiyan? Siyempre, hindi.

Hindi rin nakakatulong ang tao para sa bagong kapanganakan na ibinibigay ng Diyos. Tinuturuan tayo ni Pablo na, "**Hindi dahil sa mga gawa na ating ginawa** sa katuwiran kundi ayon sa kanyang kahabagan, sa pamamagitan ng paghuhugas ng muling kapanganakan at ng **pagbabago** sa pamamagitan ng Espiritu Santo." (Tito 3:5). Ang isang tao ay ipinapanganak sa pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng soberanong gawa lamang ng Diyos.

Ang bagong buhay ng *regeneration* ay hindi nagsisimula sa dugo (pisikal na lahi), ni nagsimula sa kalooban ng laman (ang likas na pagnanais ng katawan). Katunayan, ang buhay na ito ay walang-wala na maitutulong sa **kalooban** ng tao. Ito ay nagmula lamang sa Diyos. Ang *regeneration* ay hindi kailanman resulta ng pagpili ng tao. Totoo nga na "Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." (Juan 3:3). Subalit paanong ang isang tao ay maipanganganak na muli? Sinasabi ni apostol Pedro na ang "**Diyos**" na Siyang "muli tayong ipinanganak sa isang buhay na pag-asa sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo mula sa mga patay." (1 Pedro 1:3). Ang bayan ng Diyos ay naipanganak na muli sa pamamagitan ng **makapangyarihan at buhay na salita ng Diyos**. "**Ipinanganak**

na kayong muli, hindi ng binhing nasisira, kundi ng walang kasiraan, sa pamamagitan ng buhay at nananatiling **salita ng Diyos**." (1 Pedro 1:23). Ang *regeneration* ay soberanong gawa ng Diyos. Siya lamang ang makapagbibigay ng walang hanggang buhay sa patay sa pamamagitan ng Kanyang buhay na salita.

## ANG KASAMAAN NG TAO

Ang pangangailangan sa soberanong Diyos sa *regeneration* (at sa buong kaligtasan) ay lalong naipahayag sa pamamagitan ng **lubos na kasamaan** ng tao. Kung hiwalay sa soberanong biyaya ng Diyos, ang tao ay wala talagang kakayahang iligtas ang sarili niya. Siya ay walang **kalooban** ni **kapangyarihang** baguhin ang kanyang masamang puso. Kaya naman, ganito ang tanong ng propeta, "Mababago ba ng taga-Etiopia ang kanyang balat, o ng leopardo ang kanyang mga batik? Kung gayon ay makakagawa rin kayo ng mabuti, kayong mga sanay gumawa ng masama." (Jer. 13:23). Kung paanong hindi mababago ng isang taga-Etiopia ang kulay ng kanyang balat, kung paanong hindi maaalis ng leopardo ang batik sa kanyang balat, ganito rin ang tao na hindi posibleng mabago ang masamang katangian ng kanyang puso at kalooban at pag-iisip. Ang tao ay **ipinanganak** sa mundo na may pusong masama at bulok na kalikasan. Kung wala ang soberanong pagkilos ng Diyos, ang puso at kalikasang ito ay hindi magiging maputi at mabuti, malinis at dalisay, matuwid sa paningin ng Diyos.

Higit pa rito, ang kasamaan ng kalikasan ng tao ay **lubos**. Hindi lamang ito umaabot sa buong pagkatao niya kundi ginagawa siya nitong ganap na walang kakayahan sa **anumang** mabuti. Kaya isinusulat ng apostol, "Gaya ng nasusulat, '**Walang** matuwid, **wala, wala kahit isa**; **wala ni isang** nakakaunawa, **wala** ni isang humahanap sa Diyos. **Lahat** ay lumihis, sama-sama silang nawalan ng kabuluhan; **walang** gumagawa ng mabuti, **wala, wala kahit isa**.'" (Mga Taga Roma 3:1-12). Maraming ulit nakikita natin na tila likas sa tao ang gumawa ng kabutihan. Subalit ang kahatulan ng Diyos ay maliwanag: "Walang gumagawa ng mabuti,

wala, wala kahit isa." Lubos na imposible nga sa kalikasan ng tao na gumawa ng anumang mabuti. Ang likas na tao ay **hindi magagawa** at **hindi** makakayang **hanapin** ang Diyos.

Bagkus, siya ay rebelde na sumasalungat sa Diyos at sa paghahari ng Diyos. Siya ay **alipin** ng kasalanan na walang magagawa kundi ang magkasala. Siya ay bulag sa kanyang pang-unawa at balakyot sa paghatol. Sa lahat niyang pamamaraan, ginagaya niya ang kanyang espiritual na ama, ang diablo. Kahit ang **kalooban** niya ay alipin sa kalooban ni Satanas. Tinuturuan tayo ng Jesus na ito nang sabihin Niya, "Kayo'y mula sa inyong amang diyablo, ang nais ninyong gawin ay ang kagustuhan ng inyong ama." (sa literal – "ninanais ninyong gawin") (Juan 8:44). Kaya naman ang likas sa tao ay ang mamuhi sa Diyos at sa Kanyang pinahirang Anak. Malayo sa kanya ang magnais at hanapin ang kaligtasan na mula sa tanging tunay na Diyos na ang iniibig niya ay ang kadiliman kaysa sa liwanag. "At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanlibutan, at **inibig pa ng mga tao ang kadiliman** kaysa ilaw sapagkat ang kanilang mga gawa ay masasama. Sapagkat ang bawat isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang ang kanyang mga gawa ay huwag malantad." (Juan 3:19-20). Sa halip, gaya ng itinuturo sa atin ng Kasulatan, ang likas sa tao ay "patay dahil sa kanyang mga kasalanan at sa di pagtutuli ng kanyang laman." (Col. 2:13).

Ang kabulukang ito ng ating kalikasan ay **minana natin** mula sa ating mga ninuno. Bilang resulta ng kanyang kasalanan, ang kalikasan ni Adan ay naging masama, at ang kasamaang ito ay naipasa sa mga salinlahi. Ipinanganak tayong mga makasalanan. Tayo ay masama sa ating kalikasan, bago pa man tayo gumawa ng personal na kasalanan. Dapat nating sabihin kasama ni David, "Narito, ako'y ipinanganak sa kasamaan; at ipinaglihi ako ng aking ina sa kasalanan." (Mga Awit 51:5). Katunayan, kahit hiwalay pa sa ating bulok na kalikasan, tayo ay may sala na mga makasalanan dahil **ibinilang sa atin ng Diyos ang sala ng unang kasalanan ni Adan** sa paraiso. Kaya sinasabi ni apostol Pablo, "Kaya't kung paanong sa pamamagitan ng **isang tao** ay pumasok ang kasalanan

sa sanlibutan, at sa pamamagitan ng kasalanan ay ang kamatayan, kaya't dumating sa lahat ng mga tao ang kamatayan, sapagkat ang lahat ay **nagkasala**." (Mga Taga Roma 5:12). Ang kasalanan ng ating ama na si Adan ay **ibinintang** sa atin. Tayo ay may sala sa pagkain ng ipinagbabawal na bunga gaya niya. Ito ang ating kalagayan at kondisyon sa ating kalikasan.

Kaya naman, paano magiging posible sa tao na mag-ambag sa kanyang *regeneration* sa pamamagitan ng kanyang kalooban o mga gawa? Kung tayo ay hiwalay sa soberanong biyaya ng Diyos tayo ay may sala, bulok na mga makasalanan na hindi magagawa at mababago ang matigas nating mga puso. Kung hiwalay sa Diyos, ang ating kalooban at mga gawa ay mag-aambag lang sa atin ng higit pa sa ating pagkakautang. Kung hiwalay sa Diyos, tayo ay mga anak ng diablo na nararapat mahatulan kasama niya at ng kanyang kampon na masasamang anghel. Kung hiwalay sa Diyos, wala tayong magagawa na nakalulugod sa Kanyang paningin. Kung hiwalay sa Diyos, magiging imposible nga ang kaligtasan. Tayo ay gaya ng tuyong mga kalansay sa gitna ng isang libis – mga buto na hindi magagawang mabuhay, mga buto na walang laman, mga buto na walang hininga ng buhay. Gayunma'y ang lahat sa bayan ng Diyos ay nabubuhay dahil ang Diyos, sa Kanyang biyaya na bumubuhay, ay **soberanong nagbibigay ng buhay sa kanila**. Sinasabi Niya sa kanila, "O kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan ang salita ng PANGINOON. Ganito ang sabi ng Panginoong DIYOS sa mga butong ito: Aking papapasukin ang hininga sa inyo, at kayo'y mabubuhay. Lalagyan ko kayo ng mga litid, babalutin ko kayo ng laman, tatakpan ko kayo ng balat, lalagyan ko kayo ng hininga, at kayo'y mabubuhay; at inyong malalaman na ako ang PANGINOON." (Eze. 37:4-6). Anomang hindi magagawa ng mga makasalanan, ay magagawa ng **Diyos**.

## ANG TAWAG NA NAKAPAGLILIGTAS

Nang ibigay ng Diyos ang Kanyang biyaya na bumubuhay ng kaluluwa sa isang tao, ang taong iyon ay soberanong nabago sa kaibuturan ng kanyang pagkatao. Siya na dating espiritual na

patay ay binuhay mula sa mga patay. Siya ay ipinanganak-muli ng langit. Siya na dati ay hindi magagawang "makita ang paghahari ng Diyos" (Juan 3:3) ay binigyan ng mga mata upang makakita, mga tainga upang makarinig, at puso upang makaunawa ng mga bagay ng Diyos at ng Kanyang paghahari. Sa regeneration ay ibinibigay ng Diyos ang espiritual na **kapangyarihan** upang ang isang tao ay maghanap, makaunawa, at yakapin si Cristo at ang lahat Niyang kapakinabangan.

Gayunman, hindi ibig sabihin nito, na ang tao sa huli ay mabubuhay na sa kanyang sarili, na hindi na niya kailangan pa ang Diyos. Ang kaligtasan ay lubos na nasa mga kamay ng Diyos na kahit matapos na siyang ipanganak na muli, ang taong ito ay hindi hahantong sa pananampalataya at pagsisisi nang wala ang higit na pagkilos ng Diyos. Kapag ang hinirang na isang makasalanang ipinanganak na muli ay humantong na sa **pagbabago** at sa **kamalayan** ng kanyang kaligtasan, ang Diyos ay marapat **soberano** at **nakapagliligtas na tawagin** siya tungo sa espiritual na gawain na nakikita ng kanyang mga mata, na naririnig ng kanyang mga tainga, at nauunawaan ng kanyang puso ang mga bagay ng Diyos.

Kaya nga tinuturuan tayo ng apostol na ang nakapagliligtas na tawag ng Diyos ay mahalagang ugnayan sa di-napapatid na kadena ng kaligtasan. Sinasabi niya, "at yaong mga itinalaga niya ay kanya namang **tinawag** at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang ganap; at ang mga itinuring na ganap ay niluwalhati din naman niya." (Mga Taga Roma 8:30). Kaya kung gaano katiyak na ang isang tao ay kailangang italaga upang maligtas, dapat din naman siyang tawagin. Dahil ang bayan ng Diyos ay ang mga "nagpapahayag ng mga makapangyarihang gawa niya na **tumawag** sa inyo mula sa kadiliman, tungo sa kanyang kagila-gilalas na liwanag." (1 Pedro 2:9). Ang bawat tunay na anak ng Diyos ay tinawag mula sa madilim na kasalanan at kamatayan tungo sa maluwalhating kaliwanagan ng kaligtasan ng Diyos.

Kung wala ang tawag na nakapagliligtas ng Diyos, tunay na imposible para sa kaninuman ang tumawag sa Kanya para sa kaligtasan. Dahil hindi ang **pagtawag ng tao sa Diyos** ang una sa kaligtasan, kundi ang **pagtawag ng Diyos sa tao**. Tunay nga, kailangang tumawag ng tao sa Diyos para sa kaligtasan. Sinasabi ng apostol, "Ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."(Mga Taga Roma 10:13). Gayunman, patuloy ang apostol sa kanyang pagtatanong, "Ngunit paano nga silang **tatawag** sa kanya na hindi nila sinampalatayanan? At paano sila **sasampalataya** sa kanya na hindi nila **napakinggan**? At paano sila makikinig kung walang **mangangaral**?" (Mga Taga Roma 10:14). Kung maliligtas ang hinirang na makasalanan, siya ay dapat tumawag sa Diyos. Gagawin niya ito, gayunman, sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Jesu Cristo. Siya ay dapat sumampalataya muna. Kung walang pananampalataya, imposible nga ang tumawag sa Diyos. Subalit ang pananampalatayang ito kay Cristo ay magmumula lamang sa paraan ng **pagkikinig** sa **tawag** ni Cristo. Dapat marinig ng naipanganak na muling hinirang ang tinig ni Cristo na tawagin siya mula sa kadiliman tungo sa kahanga-hangang liwanag. Bilang Mabuting Pastol ng Kanyang mga tupa, tinatawag ni Cristo ang Kanyang bayan patungo sa Kanyang Sarili. Sinasabi Niya, "**Tinatawag** niya ang kanyang mga tupa sa pangalan, at sila'y inihahatid papalabas." (Juan 10:3). Si Cristo mismo ang nagsasalita sa Kanyang bayan at tinatawag sila sa pananampalataya at pagsisisi mula sa kanilang mga pusong binuhay.

Ang panawagan na ito ng Diyos kay Cristo sa Kanyang hinirang na bayan ay isang **makapangyarihan**, **epektibong tawag** na hindi malalabanan. Ito ay isang **panloob** na panawagan na nakatuon sa pusong binuhay at **palaging** nagbubunga. Naririnig nila ang buhay na Salita ng Buhay na Diyos at ginagawa ng Salitang ito kung ano ang nais ipagawa rito ng Diyos. Kaya sinasabi ng Diyos, "Magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko; hindi ito babalik sa akin na walang bunga, kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko, at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko

ito." (Isa. 55:11). Kapag tinawag ni Cristo ang mga tupa naririnig nila ang tinig Niya, at ang resulta ng makapangyarihang gawa ng Banal na Salita, sa pananampalataya sila ay sumusunod sa kanilang Pastol. Sinasabi ni Jesus, "**Pinapakinggan** ng aking mga tupa **ang aking tinig**, at sila'y aking kilala, at sila'y sumusunod sa akin." (Juan 10:27).

Higit pa rito, ang di-matatanggihang tawag ng Diyos, ay dumarating sa pamamagitan ng panlabas na **pangangaral ng ebanghelyo**. Ang pangwakas na tanong ng Mga Taga Roma 10:14 ay, "At paano sila makikinig kung walang **mangangaral**?" Hindi maririnig ng makasalanang ipinanganak na muli ang tawag ni Cristo maliban sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang tugon ng makasalanang ipinanganak na muli na pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, at pag-ibig ay tugon palagi sa **panawagan ng ebanghelyo**. Kaya maibubulalas ng apostol, "Ngunit kami ay dapat laging magpasalamat sa Diyos dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng Panginoon, sapagkat hinirang kayo ng Diyos bilang unang bunga sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapabanal ng Espiritu at pananampalataya sa katotohanan. Dito'y **tinawag niya kayo sa pamamagitan ng aming ebanghelyo**, upang magkamit ng kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo." (2 Tes. 2:13-14).

Gayunman, hindi ito nangangahulugan na ang tawag na ito kahit paano ay gawa ng tao. Dinadala ng mangangaral ang Salita ng Diyos na humihipo sa pusong ipinanganak na muli na dito nagmumula ang pananampalataya at pagsisisi, at gayunman hindi ito gawa ng mangangaral 'ni gawa ng isang makasalanang nabuhay. Ito ay **gawa** lahat ng **Diyos**. Ito ay soberanong panawagan ng Diyos. Dahil ang Diyos ay Diyos na "siyang sa atin ay nagligtas at **sa atin ay tumawag** ng isang banal na pagtawag, **hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kanyang sariling layunin at biyaya**. Ang biyayang ito ay ibinigay sa atin kay Cristo Jesus bago pa nagsimula ang mga panahon." (1 Tim. 1:9). Hindi ang tao ang unang tumawag sa Diyos, kundi ang Diyos ang tumatawag sa tao. Hindi dahil sa anuman sa tao o sa nagawa ng

tao, kundi sa ganap na saliw ng Kanyang layuning pagtatalaga at saganang biyaya. Siya, sa pamamagitan ng pangangaral, ay soberanong tinatawagan ang Kanyang hinirang na bayan, "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan." (Mateo 11:28). Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay naririnig sa mga Salitang iyon ang tinig ng kanilang Tagapagligtas at lumalapit sa Kanya. Sumusunod sila kay Cristo. Dahil, "Ang Diyos ay tapat, na sa pamamagitan niya ay **tinawag** kayo tungo sa pakikisama ng kanyang Anak, si Jesu-Cristo na ating Panginoon." (1 Cor. 1:9). Ang Diyos na Siyang nangako na ililigtas ang Kanyang bayan ay tumatawag sa kanilang mga puso ng pananampalataya na nagpapa-isa sa kanila kay Cristo para sa kasiyahan ng Kanyang pakikisama magpakailanman.

## PANANAMPALATAYANG NAKAPAGLILIGTAS

Nang ipinanganak na muli ang hinirang na makasalanan ng soberanong Diyos at tinawag tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu, ang makasalanang iyon ay **palaging lalapit** sa isang tunay at isang pananampalatayang nakapagliligtas. Dahil ang *regeneration* na gawa ng Diyos ay nakapabigay sa kanya ng espiritual na buhay at dahil ang pagtawag na nakapagliligtas ng Diyos ay siyang tumatawag sa kanya (na hindi malalabanan) sa pananampalataya, siya ay **dapat** sumampalataya. Imposible para sa kanya ang hindi sumampalataya. Ang pusong ipinanganak na muli na nakakarinig sa tawag ni Cristo ay palaging sumasampalataya kay Cristo. Kaya nga ang pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng kaligtasan. Walang maliligtas kung walang pananampalataya. Ating mababasa, "Ang **sumasampalataya** sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay nananatili sa kanya." (Juan 3:36). Kung sasampalataya ka, ikaw ay may buhay na walang hanggan. Kung hindi ka sasampalataya, wala kang anoman sa buhay na walang hanggan. Kaya ipinangaral ni Jesus, "… kayo'y magsisi at **manampalataya** sa ebanghelyo." (Marcos

1:15). Gayundin, ipinangaral nina Pablo at Silas na, "**Manampalataya** ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan." (Mga Gawa 16:31). Walang kaligtasan kung walang pananampalatayang nakapagliligtas.

Dahil ginawang maliwanag ng Kasulatan na tungkulin ng lahat ng tao ang sumampalataya kay Cristo, ipinapalagay ng marami na ang pananampalataya ay bahagi ng tao sa kaligtasan. Inaangkin ng mga makabagong ebanghelista na ang pananampalataya ay isang pasubali o **kondisyon** ng kaligtasan na dapat tuparin ng tao bago siya iligtas ng Diyos. Sinasabi nila sa atin na nais tayong iligtas ng Diyos, subalit hindi Niya ito magagawa hanggang sa sumampalataya muna tayo. Ginawa na ng Diyos ang lahat ng kinakailangan para sa ating kaligtasan. Siya ay nahahandang ipanganak na muli tayo, nahahandang ibigay sa atin ang Kanyang biyaya, nahahandang patawarin ang ating mga kasalanan; subalit lahat ng ito ay naka-depende sa ating pananampalataya. Oo, ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay sa kaligtasan. Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng Kanyang biyaya lamang. Subalit ang isang ito ay ipinaubaya sa tao. Dapat muna **tayong** sumampalataya. Hindi magagawa at hindi ito gagawin ng Diyos para sa atin. Lahat sa biyaya ng Diyos na nakapagliligtas ay naghihintay sa gagawing pananampalataya ng tao.

Gayunman, lahat ng ito ay taliwas sa itinuturo ng Banal na Kasulatan. Ang **pananampalataya** ay gaya rin ng **soberanong gawa** ng Diyos, kagaya rin ng lahat sa kaligtasan. Makikita ito mula sa katotohanan na ang taong di-naipanganak na muli ay hindi posibleng sumampalataya kay Cristo. Paano mangyayari na ang isang taong "patay sa mga pagsalangsalang at mga kasalanan" (Efeso 2:1), ay magkakaroon ng pananampalataya kay Cristo? Ang espiritual na patay ay walang espiritual na buhay, walang espiritual na lakas, upang sumampalataya. Sinasabi ni Jesus, "Walang taong **makakalapit sa akin** malibang ilapit siya ng Ama na nagsugo sa akin…" (Juan 6:44). **Walang tao**, sa kanyang sarili, ang may kakayahang lumapit kay Cristo sa pananampalataya. Iyan ay ganap na imposible. Kapag ang Diyos ay soberanong

dinala tayo, sa pamamagitan ng Kanyang di-malalabanan na biyaya, doon lamang tayo magtatamo ng tunay na pananampalataya na humahanap kay Cristo.

Kaya ang pananampalataya ay hindi gawa ng tao, kundi **gawa ng Diyos**. Itituturo sa atin ng Kasulatan na ang bayan ng Diyos ay, "sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kapangyarihan ng kanyang (ng Diyos) lakas." (Efe. 1:19). Kung gayon, ang pananampalataya ay hindi kaloob ng tao sa Diyos, kundi **kaloob ng Diyos** sa tao. Wala sa ating kalikasan ang magkaroon ng pananampalataya. Kung hindi ito ibibigay sa kanya ng Diyos, wala siya nito. Kaya ipinapahayag ni apostol Pablo, "Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng **pananampalataya**, at ito'y **hindi sa pamamagitan ng inyong sarili**, ito'y **kaloob** ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki." (Efe. 2:8-9). Hindi sa atin ang pananampalataya. Hindi ito gawa ng isang puso at kalooban na di-naipapanganak na muli. Ang pananampalataya ay kaloob ng Diyos na ibinigay ng Diyos sa Kanyang bayang-pinili dahil sa biyaya. Ito ay pinatotohanan sa pamamagitan ng pananalita ng apostol sa mga mananampalataya sa Filipos. Sinasabi niya, "Sapagkat sa inyo'y ipinagkaloob alang-alang kay Cristo, hindi lamang ang **manampalataya** sa kanya, kundi ang magtiis din naman alang-alang sa kanya." (Fil. 1:29).

Ang pananampalataya ay malayung-malayo sa mga kamay ng tao kaya sinasabi ng Kasulatan na ito ay mula walang iba kundi kay Jesu Cristo mismo. Ating mababasa sa Heb. 12:2, "Pagmasdan natin si Jesus na siyang **nagtatag** at **nagpasakdal** ng ating **pananampalataya**…" Hindi ang tao ang nagtatag (may-akda) ng kanyang sariling pananampalataya. Si Jesu Cristo iyon. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng pananampalataya dahil Siya lamang ang nagtamo ng pananampalataya para sa lahat ng Kanyang bayan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus. Kaya naman, Siya ang nag-iisa na **nagpapasimula** ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilos nito sa mga puso ng Kanyang bayan. Siya ang nagpapasibol at nagpapalago sa pananampalatayang

iyon hanggang maihatid Niya ito sa **kasakdalan**, sa kaganapan nito sa kaluwalhatian. Hindi na nakapagtataka na masasabi tungkol kay Cristo, "At **idinaragdag** sa kanila **ng Panginoon** araw-araw ang mga naliligtas." (Mga Gawa 2:47). Si Cristo ang nagtitipon ng Kanyang hinirang mula sa sanlibutan sa pamamagitan ng paggawa ng pananampalataya sa kanilang mga puso at sa gayon ay idinaragdag sila sa Kanyang Iglesia.

Ang pananampalataya na soberanong gawa ng Diyos ay ipinakita ng walang pag-aalinlangan sa pamamagitan ng katotohanan na ang **Banal na paghirang** ay ang pinagmumulan ng pananampalataya. Walang sasampalataya kung hiwalay sa paghirang. Kahit pa tumatanggi ang masasama na manampalataya dahil sa kanilang masasamang puso, ang soberanong dahilan ng kawalan ng pananampalataya ay ang **pagtatakuwil o *reprobation***. Itinuturo sa atin ito ni Jesus nang sabihin Niya, "Subalit hindi kayo naniwala, sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga tupa…" (Juan 10:26). Ang mga taong ito na tinutukoy ni Jesus ay hindi sumampalataya **dahil** hindi sila mga tupa ni Cristo – ang Kanyang bayang-pinili. Sa kabilang banda naman, kapag ang tao ay sumampalataya ito ay dahil siya ay isa sa bayang hinirang ng Diyos. Ating mababasa sa Mga Gawa 13:48, "… **sumampalataya** ang lahat ng mga **itinalaga** sa buhay na walang hanggan." Dahil ang pananampalataya ay kaloob ng Diyos, malinaw na ibinibigay Niya ito sa mga taong Kanyang pinili lamang sa kaligtasan. Ang mga hinirang ay binigyan ng pananampalataya upang sila ay tunay na maligtas gaya sa plano ng Diyos. Kaya nga, lahat ng sumampalataya sa Panginoong Jesu Cristo ay dapat kilalanin na sila ay "sumampalataya sa pamamagitan ng biyaya" (Mga Gawa 18:27) lamang – ang soberanong biyaya ng Diyos.

## PAGBABAGONG-LOOB

Nang soberanong kumilos ang Diyos ng pananampalatayang nakapagliligtas sa puso ng isang makasalanang ipinanganak na muli, ang resulta nito ay **pinagbagong-loob** ang makasalanan.

Ang kalikasan ng pananampalatayang nakapagliligtas ay ang pagkakaroon nito ng bunga ng pagbabagong-loob. Ang pagbabagong-loob ay pananampalatayang kumikilos. Imposibleng magkaroon ng tunay na pananampalataya ng walang pagtalikod mula sa mga kasalanan patungo sa Diyos. Ang pagbabagong-loob ay isang **espiritual, pagtalikod** na etikal. Kaya masasabi tungkol sa mga mananampalataya sa Tesalonica na binago mula sa diyos-diyosan, "… kung paanong **bumaling** kayo sa Diyos mula sa mga diyus-diyosan, upang maglingkod sa buhay at tunay na Diyos." (1 Tes. 1:9). Ang pagbabagong-loob ay pagtalikod mula sa buhay na masama at kasalanan tungo sa isang buhay na matuwid. Sa pagbabagong-loob ang mananampalataya ay **nagsisisi** sa kanyang mga kasalanan. Binababago niya ang kanyang pag-iisip patungkol sa kanyang kasalanan at kaya naman, gayundin ang kanyang buhay. Nakikita niya na siya'y makasalanan, siya ay puspos ng banal na kalungkutan sa kanyang mga kasalanan, kung kaya sa huli ay tinatalikdan niya ang kanyang kasalanan. Kahit pa ang isang mananampalataya sa buhay na ito ay palaging isang makasalanan, siya ay araw-araw na tumatalikod mula sa kanyang mga kasalanan patungo sa Diyos.

Ang pagbabagong-loob, gaya ng pananampalataya, ay isang mahalagang bahagi ng kaligtasan. Sinabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, malibang kayo'y **magbago** at maging tulad sa mga bata, kailanma'y hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit." (Mateo 18:3). Sa ganitong paraan, kapwa sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan ang utos na magbago ay itinatampok na mahalagang bahagi ng pangangaral ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ni propeta Ezekiel, hiningi ng Diyos na, "Kayo'y **magsisi**, at **lumayo** kayo sa lahat ninyong pagsuway; sa gayo'y ang kasamaan ay hindi magiging inyong kapahamakan." (Ezek. 18:30). Ipinangaral ni apostol Pedro sa Araw ng Pentecostes, "Kaya nga **magsisi** kayo at **magbalik-loob** upang mapawi ang inyong mga kasalanan." (Mga Gawa 3:19). Walang makapapasok sa kaharian ng Diyos nang hindi sumusunod sa kautusang ito na magsisi at magbalik-loob.

Subalit ang kautusang ito ay hindi nangangahulugan na ang tao, sa kanyang sarili, ay may abilidad na baguhin ang sarili. Ang pagbabagong-loob ay hindi gawa ng tao. Gaya rin ng pagiging imposible sa tao na hiwalay sa biyaya ang sumampalataya, imposible rin sa kanya ang magsisi at tumalikod sa kanyang mga kasalanan. Ang pagbabagong-loob ay gawa lamang ng biyaya ng Diyos. Ito ang karanasan ng bawat tunay na anak ng Diyos. Kaya maririnig natin ang bayan ng Diyos na tumatangis sa Diyos, "**Ibalik mo ako upang ako'y mapanumbalik**, sapagkat ikaw ang PANGINOON kong Diyos." (Jer. 31:18). Kung hindi panunumbalikin ng Panginoong Diyos ang tao mula sa kanyang mga kasalanan, ay walang pagbabagong-loob. Gayunman, kung siya ay panunumbalikin ng Diyos, siya nga ay tunay na manunumbalik. Ganito ito ipinahayag ng mang-aawit, "**Panunumbalikin** mo kami, O PANGINOONG Diyos ng mga hukbo; paliwanagin mo ang iyong mukha, upang kami ay maligtas!" (Mga Awit 80:19). Tayo ay naligtas lamang nang panumbalikin tayo ng Diyos sa Kanyang nagniningning na Mukha ng pag-ibig at biyaya sa atin at dito ang pag-ibig at biyaya ang **mismong nagtatalikod** sa atin mula sa ating mga kasalanan tungo sa Kanyang Sarili.

Ang pagbabagong-loob na ito na soberanong gawa ng Diyos ay higit na naipapahayag sa pamamagitan ng katotohanan na kung **ipagkakait** ng Diyos ang Kanyang biyaya at patitigasin ang isang tao, walang pagbabagong-loob na mangyayari. Binanggit ni apostol Juan ang sinasabi ni propeta Isaias sa Diyos, "Binulag niya ang kanilang mga mata, at **pinatigas** niya ang kanilang mga puso; upang sila'y huwag makakita sa pamamagitan ng kanilang mga mata, at makaunawa sa pamamagitan ng kanilang puso, at **magbalik-loob**, at sila'y pagalingin ko." (Juan 12:40). Sa Kanyang kabanalan at katarungan, binubulag ng Diyos ang mga mata at pinatitigas ang puso ng mga itinakuwil upang hindi naisin at magawang magbalik-loob. Ating mababasa tungkol sa Diyos, "Kaya nga siya'y may awa sa kanyang maibigan, at kanyang pinagmamatigas ang puso ng sinumang kanyang maibigan." (Mga Taga Roma 9:18). Ang pagbabalik-loob ay naka-depende lamang

sa soberanong pagpili ng Diyos. Siya'y magpapakita ng kaawaan o pagmamatigasin.

Totoo din ito sa pagsisisi. Walang sinuman ang posibleng magsisisi sa kanyang mga kasalanan nang wala ang makapangyarihang gawa ng biyaya. Nang marinig ng mga Hudyo na iniligtas din ng Diyos ang mga Hentil sinabi nila, "Kung gayo'y **binigyan** din ng Diyos ang mga Hentil **ng pagsisisi** tungo sa buhay." (Mga Gawa 11:18). Gaya ng pananampalataya, ang "pagsisisi tungo sa buhay" ay bagay na dapat **ibigay** ng Diyos sa tao, upang magkaroon siya nito. Hindi siya makapagsisisi sa sarili niyang lakas. Tinuruan ni Pablo si Timoteo, "Ang alipin ng Panginoon ay hindi dapat makipag-away, kundi maamo sa lahat, mahusay magturo, matiyaga, tinuturuan nang may kaamuan ang mga sumasalungat, **baka sakaling pagkalooban ng Diyos ng pagsisisi** tungo sa pagkakilala sa katotohanan." (2 Tim. 2:24-25). Maging ang pagsisisi ay gawa ng Diyos, kaya ipinangaral ni apostol Pedro, "Siya'y (si Cristo) itinaas ng Diyos sa kanyang kanang kamay bilang Pinuno at Tagapagligtas, **upang bigyan** ang Israel ng pagkakataong **magsisi**, at ng kapatawaran ng mga kasalanan." (Mga Gawa 5:31). Ang Israel (hinirang ng Diyos) ay nagsisi at pinatawad lamang dahil ang Diyos ang nagbibigay ng pagsisisi sa pamamagitan ng naluwalhating Tagapagligtas. Malinaw ang Kasulatan. Walang magbabalik-loob mula sa kanyang mga kasalanan tungo sa Diyos, maliban sa soberanong biyaya.

## PAGPAPAWALANG-SALA

Ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay isa sa mga dakilang pagpapala ng kaligtasan na tinatamasa ng mananampalataya. Ang mapawalang-sala ay nangangahulugang ang isang tao ay **ipinahayag na matuwid** sa harapan ng trono ng paghatol ng Diyos. Kahit siya pa ay isang makasalanan na araw-araw nilalabag ang banal na kautusan ng Diyos, ang kanyang ***legal*** na **katayuan** ay sa isang ganap na matuwid. Sa pagpapawalang-sala ang isang tao ay ibinibilang na malaya mula sa lahat ng sala

at kahatulan. Katunayan, isinasaalang-alang siya ng Diyos na matuwid na tila hindi siya nagkasala at tila palagi niyang sinusunod ng ganap ang Kanyang mga kautusan.

Ito dapat ay maliwanag na ang pagpapalang ito ng kaligtasan ay walang kinalaman sa kalooban at gawa ng tao. Itinuturo sa atin ng Kasulatan na ang **Diyos** ang Siyang nagpapawalang-sala, at ginagawa Niya ito ng Kanyang soberanong biyaya. Isinulat ni propeta Isaias, "Kanyang sasabihin sa **PANGINOON lamang**, **ang katuwiran** at ... Sa PANGINOON ang lahat ng anak ng Israel ay **aariing-ganap** at luluwalhatiin." (Isa. 45:24-25). Lahat nating katuwiran ay "nasa Panginoon." Hindi natin pinapangatuwiranan ang ating mga sarili. Ito ang itinuro ni apostol Pablo sa mga Cristiano ng Galacia nang sabihin niya, "... ang tao ay hindi inaaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ... sapagkat sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay hindi aariing ganap ang sinumang laman." (Gal. 2:16). Ang pagpapawalang-sala ay buong gawa ng Makapangyarihang Diyos. Kung hindi tayo ipapawalang-sala ng Diyos, wala tayong iisipin, o masasabi, o magagawa upang tayo ay maging matuwid sa harapan ng ganap Niyang katuwiran.

Ang **kalikasan** ng pagpapawalang-sala mismo ay nagtuturo sa atin na lubos na imposible sa pagpapalang ito na maging gawa ng tao. Dahil ang kahulugan ng pagpapawalang-sala, na ang **makasalanan** ay ipinahayag na matuwid. Nang ipawalang-sala tayo ng Diyos, Kanyang pinawawalang-sala ang isang bayan na sa kanilang sarili ay **masasamang** tao. Kaya sinasabi sa atin ni apostol Pablo na "pinawawalang-sala ang **taong masama**" ng Diyos. (Mga Taga Roma 4:5). Kapag pinawawalang-sala ng Diyos ang makasalanan, pinapatawad Niya siya sa kasalanan – kasalanan na naging dahilan ng pagiging nararapat niya sa kahatulan. Ang tao ay di-matuwid, hindi matuwid; kundi, hindi ibinibilang ng Diyos ang kanyang kasalanang laban sa kanya. Ito ang kahanga-hangang pagpapawalang-sala. Ganito ito sinabi ni David, "Mapalad ang tao na **hindi pinaparatangan ng kasamaan** ng PANGINOON, at sa kanyang espiritu ay walang pandaraya."

(Mga Awit 32:1, 2). Sa pagpapawalang-sala, masasabi ng Diyos sa Kanyang bayan, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay tulad ng matingkad na pula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang niyebe; bagaman ito'y mapulang-mapula, ang mga ito'y magiging parang balahibo ng tupa." (Isa. 1:18).

Higit pa rito, hindi lamang ito usapin na **di-napansin** ng Diyos ang kasalanan. Ah, hindi! Ang **Banal na Dahilan** ng pagpapawalang-sala ay hindi mo makikita ng napakalinaw saanman maliban sa katotohanang isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak upang ipawalang-sala ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus. May dapat magbayad para sa kasalanan ng mga hinirang. Ang tinutukoy dito ay ang Diyos mismo sa pamamagitan ni Jesu Cristo na ating Panginoon. Ang basehan ng pagpapawalang-sala ay ang **dugo ni Cristo**. Ang mga kasalanan ng bayan ng Diyos ay binura sa tumigis na dugo ng Kordero. Kaya naman, masasabi ng Diyos patungkol kay Cristo, "Kanyang makikita ang bunga ng paghihirap ng kanyang kaluluwa, at masisiyahan sa pamamagitan ng kanyang kaalaman. **Aariing-ganap** ng matuwid kong lingkod ang marami, at **papasanin** niya ang **kanilang mga kasamaan**." (Isa. 53:11). Ang tao ay tunay nga na "pinawalang-sala sa pamamagitan ng kanyang dugo." (Rom. 5:9). Kahit pa ang mananampalataya ay nararapat sa walang hanggang kahatulan, dinala ni Cristo ang kahatulang ito upang sila ay makalaya mula sa lahat ng kahatulan. Inalis Niya ang mga kasalanan ng Kanyang bayan at sa halip binigyan Niya sila ng Kanyang katuwiran. Sa sandaling iyon, nang mamatay si Cristo sa krus, ang Kanyang bayan ay **matapat** na **pinawalang-sala**.

Dahil sa nag-iisang basehan ng pagpapawalang-sala sa kamatayan ni Cristo, hindi natin puwedeng ituro ito sa atin **pananampalataya**. Tunay nga, tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya. "Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at iyon ay ibinilang sa kanya na katuwiran." (Rom. 4:3). Subalit hindi ibig sabihin nito na ang ating pananampalataya ay ang ating katuwiran. Hindi ito puwedeng mangyari, dahil ang

ating pananampalataya ay mahina at di-ganap. Ang ating pagka-matuwid ay si Jesu Cristo. Sinasabi ng apostol, "Subalit kayo ay na kay Cristo Jesus, na naging karunungan para sa atin mula sa Diyos, at **katuwiran**…" (1 Cor. 1:30). Ang pananampalataya ay itinalaga ng Diyos at ibinigay ng Diyos bilang pamamaraan ng pagpapawalang-sala, subalit hindi ito ang **basehan**. Sa pananam-palataya, tayo ay kalakip ni Cristo at kabahagi ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli, ng Kanyang katuwiran at buhay. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ating nararanasan ang pagpapala ng pagpapawalang-sala. Subalit ang pananam-palataya ay hindi magiging batayan ng pagpapawalang-sala.

Napakalayo ng pagpapawalang-sala sa ating mga kalooban at ating mga gawa kaya nga isinakatuparan na sa walang hanggang panukala ng Diyos. Kung paanong si Cristo ay "pinaslang buhat nang itatag ang sanlibutan, (Apoc. 13:8), gayundin naman **walang hanggang** pinawalang-sala ng Diyos ang Kanyang bayan sa Kanyang utos at kalooban. Palagi Niyang minamasdan ang mga hinirang kay Jesu Cristo bilang matuwid. Kaya gumawa ng pahayag ni Balaam, "Wala siyang (ang Diyos) nakitang kasamaan sa Jacob, ni wala siyang nakitang kasamaan sa Israel…" (Mga Bilang 23:21). Kahit pa napakalaki ng mga kasalanan ng bayan ng Diyos, palagi Niyang tinitingnan sila na mga nahugasan na ng dugo. Kaya hindi na nakapagtataka pa, na itanong ng apostol ang tanong na, "Sino ang magsasakdal ng anuman laban sa mga pinili ng Diyos? **Ang Diyos ang siyang umaaring-ganap**. Sino ang hahatol? Si Cristo Jesus na namatay, oo, siyang muling binuhay mula sa mga patay…" (Rom. 8:33-34). Tiyak ang pagpapawalang-sala sa bayan ng Diyos dahil ito ang soberanong gawa lamang ng Diyos. Ibinintang Niya sa Kanyang bayan ang katuwiran ni Jesu Cristo na Panginoon. **Wala nang** maidaragdag pa sa katuwirang ito.

## PINAPAGING-BANAL

Kung paanong soberanong pinawawalang-sala ng Dios ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, gayundin din

naman, ang Diyos lamang ang Siyang soberanong **nagpapabanal** sa kanila sa pamamagitan ng makapangyarihang pagkilos ng Espiritu ni Cristo. Samantalang ang pagpapawalang-sala ay may kinalaman sa ating legal na katayuan sa harapan ng Diyos, ang pagpapabanal naman ay may kinalaman sa ating **aktuwal na kalagayan**. Tayo ay pinalaya mula sa **sala** ng kasalanan sa pamamagitan ng pagpapawalang-sala, subalit nananatili pa rin tayong mga makasalanan. Ang kasalanan ay nananatili pa rin sa anak ng Diyos kung kaya't maging ang kanyang pinakamahusay na mabubuting gawa ay nadudumihan nito. Gayunman, sa pagpapaging-banal, ang bayan ng Diyos ay pinapalaya mula sa **kapangyarihan** at **paghahari** ng kasalanan. Ang Espiritu ng Diyos ay nagbibigay ng biyaya upang "hubarin ang lumang pagkatao" at "ibihis ang bagong pagkatao, na binabago sa kaalaman ayon sa larawan ng lumalang sa kanya." (Col. 3:9-10). Sinabi ito ni apostol Pablo sa 2 Cor. 3:18. Sinasabi niya, "At tayong lahat, na walang talukbong ang mukha, na nakikita ang kaluwalhatian ng Panginoon gaya ng sa isang salamin, ay nababago sa gayunding larawan, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, sapagkat ito ay mula sa Panginoon na siyang Espiritu." Kahit na hindi magiging ganap ang mananampalataya sa buhay na sa *sanctification*, siya ay higit na binabago tungo sa pagiging kalarawan ni Cristo.

Hindi maitatanggi, kung gayon, na ang makasalanang pinawalang-sala ay **dapat** gumawa ng mabubuting mga gawa. Hindi totoo na kaya mong mamuhay na gaya ng diablo dahil ikaw ay pinawalang-sala na. Kahit na sa pagpapawalang-sala ang mananampalataya ay soberanong pinalaya mula sa sala ng bawat kasalanan, ang kanyang pagpapawalang-sala ay **hindi** magiging basehan para sa isang masamang pamumuhay. Iyan ay kasinungalingan ng diablo. Tayo na naniniwala sa soberanong biyaya ng Diyos ay sumasampalataya na ang Diyos ay kumikilos sa mga puso ng Kanyang bayan na **Siyang nagdudulot** sa kanila na mas lumayo sa kasalanan at hanapin ang mabuti at wasto. Ang mabubuting gawa ay mahalagang bahagi ng buhay Cristiano. Kaya tayo pinangaralan ni apostol Pedro, "Sa halip, yamang banal

ang sa inyo'y tumawag, **maging banal naman kayo** sa lahat ng paraan ng pamumuhay; sapagkat nasusulat, Kayo'y maging banal, sapagkat ako'y banal." (1 Ped. 1:15-16). Sinasabi sa atin ni Jesus na nakikita sa atin ang katotohanan na tayo nga ay sumusunod sa Kanya sa pamamagitan ng pamumunga. Sinasabi Niya, "naluluwalhati ang aking Ama, na **kayo'y magbunga ng marami**, at maging mga alagad ko." (Juan 15:8). Sila na pinaglaanan ng biyaya ng Diyos ay lumuluwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita sa sanlibutan ng mabubuting gawa na ginawa ng biyaya sa kanila. "Paliwanagin ninyo nang gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang makita nila ang **inyong mabubuting gawa**, at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit." (Mat. 5:16).

Katunayan, kapag sinabi ng tao na siya ay mananampalataya at namumuhay naman na may masamang pamumuhay ng pagpapatuloy sa kasalanan at kahayupan, ipinapakita lamang ng taong ito na **hindi** siya pinaglaanan ng biyaya ng Diyos. Ang pananampalataya na ibinigay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay isang pananampalataya na naghahanap sa Diyos at ng katuwiran sa paghahari ng Diyos. Itinuturo sa atin iyan ni Santiago nang sabihin niya, "Ano ang pakinabang mga kapatid ko, kung sinasabi ng sinuman na siya'y may pananampalataya, ngunit walang mga gawa? Maililigtas ba siya ng kanyang pananampalataya? … Kaya't ang pananampalataya na nag-iisa, kung ito ay walang mga gawa ay patay." (Santiago 2:14, 17). Ang tunay na pananampalataya ay nahahayag sa mabubuting gawa mismo. Tunay nga, ang mananampalataya ay malayo pa sa pagiging ganap. Gayunman, ang kanyang pagiging banal ay nagpapahiwatig na nagnanais siyang gawin ang mabuti at nakalulugod sa Diyos.

Subalit ang mabubuting gawa bang ito ay bunga ng mananampalataya dahil sa sarili niyang lakas? May naiambag ba sila na anuman sa kanilang kaligtasan? Maituturing ba na ito ay bahagi ng tao sa kaligtasan? Hindi, hindi kailanman! Imposible iyan, dahil ang lahat ng mabubuting gawa na ginagawa ng

mananampalataya ay **produkto lamang ng biyaya ng Diyos**. Kung hiwalay sa gawa ng Diyos na pagpapabanal, ang Kanyang bayan ay walang anumang magagawa. Kaya ating mababasa sa Filipos 2:13, "Sapagkat **Diyos** ang gumagawa sa inyo maging sa **pagnanais** at sa **paggawa**, para sa kanyang mabuting kalooban." Ginagawa ng mananampalataya kung ano lamang ang nakalulugod sa Diyos dahil ang Diyos ay soberanong gumagawa ng mabuting gawang ito sa kanya. Ginagawa Niya na magnais ang mananampalataya na gawin ang tama at ginagawa Niya na gawin din ito. Sa katunayan, lahat ng mabubuting mga gawa na ginagawa ng Kanyang bayan ay **itinalaga ng Diyos** bago pa ilagay ang saligan ng sanlibutan. "Sapagkat tayo'y kanyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, **na inihanda ng Diyos nang una pa** upang siya nating lakaran." (Efe. 2:10). Ang buhay ng Cristiano na may kabanalan ay nasa mga kamay ng Diyos kaya gumagawa ito sa mga mananampalataya ng lahat ng mabubuting gawa na itinalaga ng Diyos na gagawin ng bawat isa.

Kaya ang pagpapabanal, gaya ng pagpapawalang-sala, ay gawang lahat ng Diyos. Kung paanong sinasabi na si Cristo ang ating pagpawalang-sala, Siya rin naman ang sinasabing ating pagpapabanal. "Subalit kayo ay na kay Cristo Jesus, na naging karunungan para sa atin mula sa Diyos, at katuwiran at **kabanalan**…" (1 Cor. 1:30). Ang pagpapabanal ay resulta ng soberanong pagkilos ng Espiritu ni Cristo na nakabatay sa dugo ni Cristo. Tanging sa kapangyarihan ng dugo ni Cristo magagawa ng mananampalataya ang magtagumpay sa kasalanan at gawin ang mabuti. Itinuturo ito sa atin ng Espiritu Santo sa Hebreo 10:10, "Tayo'y ginawang banal **sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Cristo** minsan magpakailanman." Tunay nga, si Cristo Jesus na ating Panginoon, na Siyang namatay para sa Kanyang bayan, ang lahat sa ating kaligtasan. Mula sa pasimula hanggang sa katapusan ang kaligtasan ay batay lamang sa Kanyang mahalagang dugo.

## PANGANGALAGA AT PAGTITIYAGA

Dahil soberanong hinihirang ng Diyos ang makasalanan tungo sa walang hanggang buhay, ipinapanganak siyang muli sa pamamagitan ng Espiritu ni Cristo, tinatawag siya at binibigyan ng pananampalataya at pagsisisi sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na di-malalabanan, pinapawalang-sala siya at pinapaging-banal siya sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang gawa; totoo rin dapat na ang binagong makasalanan ay ginagawang **magtiyaga sa pananampalataya** sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na **nangangalaga**. Hindi mawawala ang kaligtasan ng tunay na mananampalatayang naligtas sa pamamagitan ng soberanong biyaya ng Diyos. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang soberanong kapangyarihan, ang mangangalaga sa mananampalataya upang hindi siya tuluyan at lubusang mahulog mula sa estado ng biyaya. Kaya sinasabi ni apostol Pedro na sila na mga "pinili at itinalaga ng Diyos Ama" at "muling ipinanganak sa isang buhay na pag-asa" ay "**iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya** para sa kaligtasan na nakahandang ipahayag sa huling panahon." (1 Pedro 1:2-5). Sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang lakas, **pinangangalagaan** ng Diyos ang tunay na anak Niya upang tanggapin niya ang kahuli-hulihan at kumpletong kaligtasan na mahahayag sa ikalawang pagbabalik ni Cristo.

Walang ibang paraan para sa gawa ng pagliligtas dahil gawa ito ng Diyos. **Hindi mabibigo** ang gawa ng Diyos. Ang gawa ng tao ay may hangganan at madalas nauuwi sa wala. Subalit ang gawa ng Diyos ay isang makapangyarihan at soberanong pagkilos. Nang itatag Niya ang Kanyang tipan sa Kanyang bayan, nangako na ililigtas sila ng dugo ni Cristo, at pagkatapos ay iniligtas nga sila sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ang dakilang gawang ito ay **tiyak** at **may seguridad**. Ito ay gawang **walang hanggan**. Kaya sinasabi ng Diyos sa pamamagitan ni propeta Isaias, "Sapagkat ang mga bundok ay maaaring umalis, at ang mga burol ay mapalipat; ngunit ang aking kagandahang-loob ay hindi hihiwalay sa iyo, o ang aking tipan ng kapayapaan ay hindi

maaalis, sabi ng PANGINOON na naaawa sa iyo." (Isaias 54:10). Tunay nga, na ang mga kabundukan ay maaaring umalis; subalit ang kabutihan, ang kaawaan, ang pag-ibig ng Diyos na nagliligtas sa Kanyang bayan, ay mananatili sa kanila magpakailanman. Hindi nagbabago ang Diyos. Kapag iniligtas Niya ang isang tao, tunay na ililigtas nga Niya siya – ililigtas siya magpakailanman. Kapag ang Diyos ng buhay ay nagbibigay ng buhay, ang buhay na iyon ay **walang hanggang buhay** na hindi mamamatay. Kaya masasabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin ay may **buhay na walang hanggan**, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan." (Juan 5:24). Ang buhay na walang hanggan ay hindi bagay na mawawala. Dahil kung ganito, hindi ito magiging buhay na walang hanggan.

Ang walang hanggang kaligtasan ng hinirang na bayan ng Diyos ay tiyak na tiyak na walang sinumang makakaagaw sa kanila. Kahit pa sila ay hikayatin ng masasamang tao na makisabay sa kanilng kahalayan at kasalanan, kahit pa tuksuin sila ng diablo mismo na talikuran ang Diyos at ang Katotohanan ng Kanyang Salita, **walang sinuman** ang magagawang alisin ang biyaya na ibinigay ng Diyos sa kanila. Sinasabi ni Jesus, "Sila'y binibigyan ko ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y **hindi sila mapapahamak**, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay. Ang mga ibinigay sa akin ng aking Ama ay higit na dakila kaysa lahat, at walang makakaagaw ng mga ito sa kamay ng Ama." (Juan 10:28-29). Ang mga mananampalataya ay hinahawakang mabuti ng mga kamay ni Cristo at ng mga kamay ng kanilang makalangit na Ama. Walang sinuman ang makakaagaw sa kanila. Oo, kahit ang mga kasalanan ng mga mananampalataya ay hindi makapaghihiwalay sa kanila mula sa Diyos at sa Kanyang kaligtasan. Lahat nilang mga kasalanan ay napawi na sa dugo ng Kordero. Namatay si Cristo para sa kanila at ang Diyos ang nagpawalang-sala sa kanila. Kaya naman, masasabi ng bayan ng Diyos kasama ni apostol Pablo na, "**Sapagkat ako'y naniniwalang lubos**, na kahit ang kamatayan man, ni ang buhay,

ni ang mga anghel, ni ang mga pinuno, ni ang mga bagay na kasalukuyan, ni ang mga bagay na darating, ni ang mga kapangyarihan,ni ang kataasan, ni ang kalaliman, ni ang alin pa mang nilalang, **ay hindi makapaghihiwalay sa atin** sa pag-ibig ng Diyos, na na kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Rom. 8:38-39).

Gayunman, hindi ibig sabihin nito, na kapag may nagpahayag na siya ay Cristiano ay makakapamuhay na sa anumang nais niya at mananatili siyang sigurado sa walang hanggang kaligtasan. Sinasabi ni apostol Pedro na tayo "ay, iniingatan **sa pamamagitan ng pananampalataya**." (1 Pedro 1:5). Kapag pingangalagaan ng Diyos ang Kanyang bayan, ginagawa Niya ito sa paraang **pangalagaan** sila sa pananampalataya. Kahit pa madulas ang mananampalataya sa malaking kasalanan, hindi siya lubusang mahuhulog dito. Ibabalik siya ng Diyos upang sa pananampalataya lalakad siya sa mga daan ng Diyos. Siya ay mapapangalagaan **sa daan ng pananampalataya** – pananampalataya na nagdudulot ng banal na pamumuhay. Kaya nga, sinumang nagpapahayag na siya ay Cristiano subalit nagpapatuloy at hayagang lumalakad sa mga daan ng kasalanan, ay hindi tunay na anak ng Diyos. Ang gayong tao ang sinasabi ni apostol Juan nang sabihin niya, "Sila'y lumabas sa atin, ngunit sila'y hindi sa atin; sapagkat kung sila'y kabilang sa atin ay magpapatuloy sana silang kasama natin. Ngunit sa paglabas nila ay ginawa nilang maliwanag na silang lahat ay hindi kabilang sa atin." (1 Juan 2:19). Maraming nagpapahayag na sila ay Cristiano, subalit hindi naman. Sila ay nahuhulog sa kanilang pahayag. Gayunman, ang tunay na anak ng Diyos ay nananatili sa pananampalataya. Hindi dahil kaya niyang tumayo sa sarili niyang lakas, kundi dahil **ang Diyos ang nangangalaga sa kanya** sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Tunay nga, na ang bayan ng Diyos ay may mabuting dahilan upang magalak kasama ni Judas nang sabihin niya, "Ngayon sa kanya na may kakayahang **mag-ingat sa inyo mula sa pagkatisod**, at sa inyo'y makapaghaharap na walang kapintasan sa harapan ng kanyang kaluwalhatian na may malaking kagalakan, sa iisang Diyos na ating Taga-pagligtas,

sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon, sumakanya nawa ang kaluwalhatian, ang karangalan, ang kapangyarihan at ang kapamahalaan, bago pa ang lahat ng panahon, at ngayon at magpakailanman. Amen." (Judas 24-25).

## PAGLULUWALHATI

Ang kahuli-hulihang pagpapala na tinatanggap ng anak ng Diyos ay ang pagpapala ng **walang hanggang** kaluwalhatian sa mga bagong langit at bagong lupa. Hinihintay niya ang dakilang araw na ito kapag dumating na si Cristo at kunin siya upang makasama Niya magkailanman. Dahil, "Kapag si Cristo na inyong buhay ay nahayag, ay mahahayag nga rin kayo na kasama niya sa kaluwalhatian." (Col. 3:4). Ito ang dahilan kaya magagawa ng mga mananampalataya na magpatuloy na may pagtitiis sa mga kahirapan at kaguluhan sa buhay na ito. Nalalaman nila na ang gayong mga kahirapan ay hindi magtatagal magpakailan man. Dahil di magtatagal sila ay mapapalitan ng kaluwalhatiang kahanga-hanga na higit pa sa ating imahinasyon. Kaya masasabi natin kasama ng apostol, "Itinuturing ko na ang pagtitiis sa panahong kasalukuyan ay hindi karapat-dapat maihambing sa **kaluwalhatiang mahahayag sa atin**." (Rom. 8:18). Lahat ng kasalanan, lahat ng mga karamdaman, lahat ng mga sakit at kahinaan ng bayan ng Diyos ay mapapawi upang gawin silang maluwalhati kapwa sa katawan at kaluluwa. Sila ay magiging gaya ni Cristo. Ang kaluwalhatian ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay magliliwanag at sisinag sa kanila.

Ang kaluwalhatiang ito ay ang kaganapan, ang katapusang produkto, ng pinasimulan bago pa ang saligan ng sanlibutan sa pagkahirang sa Kanyang bayan. Ito ang pinakahuli na nag-uugnay sa di-napapatid na kadena ng kaligtasan. "Yaong mga itinalaga niya ay kanya namang tinawag at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang ganap; at ang mga itinuring na ganap ay **niluwalhati** din naman niya." (Rom. 8:30). Ang huling hakbang sa kaligtasang ito ay walang iba kundi ang gawa ng soberanong biyaya ng Diyos na di-malirip. Kahit sila na nagpupumilit na ang

tao ay dapat may bahagi sa kanyang kaligtasan ay walang maiaambag sa kaluwalhatiang hindi para sa sinuman kundi sa Diyos. Ang kalikasan ng kahanga-hangang biyayang ito ay ganap na wala sa gawa ng tao. Tayo ay naluwalhati sa pamamagitan lamang ng soberanong kapangyarihan ng Diyos. Ang katotohanang iyan ay malakas na patunay na ang buong kaligtasan ay gawa lamang ng Diyos. Dahil hindi natin maaaring ihiwalay ang pagluluwalhati mula sa iba pang mga hakbang. Bilang **kaganapan** ng kaligtasan, di-mahihiwalay ang kaugnayan nito sa **bawat bahagi** ng kaligtasan.

Ang pagluluwalhati ang pinaka-layunin at dahilan ng **walang hanggang paghirang**. Nang piliin ng Diyos ang Kanyang bayan bago pa ang saligan ng sanlibutan, pinili Niya sila sa kaluwalhatian. Kaya naman, sinasabi ni apostol Pablo, "upang maipakilala niya ang kayamanan ng kanyang kaluwalhatian sa mga kinaaawaan, **na kanyang inihanda nang una pa para sa kaluwalhatian**." (Rom. 9:23). Ang bayan ng Diyos ay inihanda na para sa kaluwalhatian ayon sa walang hanggang panukala ng pagtatalaga Niya. Sa katunayan, sila ay naluwalhati na sa panukala ng Diyos. Sa pasimula pa lamang, ang kawakasan ay itinakda na. Dahil ang pagluluwalhati ang layunin ng paghirang, ito rin ang layunin ng **kapanganakang-muli**. Isinulat ni apostol Pedro na, "Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Sa pamamagitan ng kanyang malaking kahabagan ay **muli tayong ipinanganak**… **tungo sa isang manang** hindi nasisira, walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo." (1 Pedro 1:3-4). Ang bayan ng Diyos ay ipinanganak na muli upang sila ay maluwalhati. Ang *regeneration* ay isang panibagong hakbang lamang na maghahatid sa kanila papalapit sa kahuli-hulihang kaluwalhatian. Kung wala ito, ang pagluluwalhati ay magiging imposible. Kahit ang **epektibong pagtawag** ay may layunin din, ito ang kaluwalhatian. Kaya ating mababasa sa 2 Tessalonica 2:14, "Dito'y tinawag niya kayo sa pamamagitan ng aming ebanghelyo, **upang magkamit ng kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo**." Tinatawag

ng Espiritu ni Cristo ang hinirang sa pananampalataya at pagsisisi upang matamo nila ang kaluwalhatian ni Cristo.

Sa katunayan, lahat ng mga bagay na inihahatid ng Diyos sa pamumuhay ng mga mananampalataya ay pamamaraan lamang na ginagamit Niya upang dalhin sila sa wakas na kaluwalhatian. Sinasabi ng mang-aawit, "**Sa iyong payo ako'y iyong pinapatnubayan**, at pagkatapos ay tatanggapin mo ako sa **kaluwalhatian**." (Mga Awit 73:24). Pinapatnubayan ng Diyos ang Kanyang bayan sa buong buhay na ito na umaayon sa Kanyang layunin sa kanila. Ang layuning iyan ay kaluwalhatian. Lahat sa buhay nila ay inihahatid ng Diyos patungo sa walang hanggang kaluwalhatian. Lahat ng dumarating sa kanila, maging ito man ay "mabuti" o "masama" ay ipinadadala ng Panginoon upang maghatid sa kanila sa kaluwalhatian. Kaya natitiyak natin, na ang pagluluwalhati ay gawa ng soberanong biyaya ng Diyos, at gayundin sa kaligtasang mula sa simula hanggang wakas. Dahil ang lahat ng ito ay **isang** dakilang gawa lamang. Ang kaligtasan ay kaloob ng Diyos. Ito ay kumpleto at ganap. Walang tao ang makapagdaragdag pa dito o makakabawas dito.

Tunay nga, ang tao ay **walang** dapat ipagmalaki. Oo, ang mananampalataya ay naluwalhati, subalit kahit ang kaluwalhatiang ito ay hindi **niya** kaluwalhatian, kundi ng Diyos. Pinupuspos Niya ng **Kanyang** kaluwalhatian ang mananampalataya. Ang layunin ng pagluluwalhati sa bayan ng Diyos ay ang pagluluwalhati ng Diyos sa Kanyang Sarili. Inihahayag ng Diyos ng kaluwalhatian ng Kanyang dakilang Pangalan sa kaligtasan na ibinigay Niya sa Kanyang bayan sa pamamagitan lamang ng kahanga-hanga Niyang biyaya. Kaya sinasabi ni apostol Pablo, "Tayo'y itinalaga sa pagkukupkop upang maging kanyang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kabutihan ng kanyang kalooban, **para sa ikapupuri ng kanyang maluwalhating biyaya**…" (Efe. 1:5-6). Ang kaligtasan, ang kaluwalhatian ng bayan ng Diyos, ay palaging "para sa ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian" – ang kaluwalhatian **ng Kanyang soberanong biyaya**.

*          *          *          *          *

Kaya naman ginawang maliwanag ng Kasulatan na **"ANG PAGLILIGTAS AY MULA SA PANGINOON"** (Jonas 2:9). Mula sa pasimula hanggang sa wakas, ang kaligtasan ay hindi resulta ng gawa ng tao o ng kalooban ng tao, kundi ng soberanong biyaya ng Diyos. Siya ay **Diyos** kahit sa kaligtasan. Sa Kanyang walang hanggang layunin ng pagtatalaga Siya ay **nag-plano** ng kaligtasan. Tinamo Niya talaga ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsusugo sa Kanyang Anak upang mamatay sa krus para sa Kanyang bayan. **Isinagawa** Niya ang kaligtasang iyon sa puso at buhay ng Kanyang bayan sa pamamagitan ng makangyarihang gawa ng Kanyang biyaya. Siya na sumasampalataya sa Biblia lamang ang makapagsasabi kasama ni apostol Pablo, "Kaya ito ay hindi ayon sa kalooban o pagsisikap ng tao, kundi ayon sa habag ng **Diyos**." (Rom. 9:16).

Ang lahat sa kaligtasan ay sa Diyos. Kaya nga, ating papurihan ang kahanga-hangang kamahalan ng Kataas-taasang Diyos kasama ni apostol Pablo. "O ang kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos! Hindi masuri ang mga hatol niya, at hindi masiyasat ang kanyang mga daan!" Sapagkat sino ang nakakaalam ng pag-iisip ng Panginoon? O sino ang kanyang naging tagapayo? O sino ang nakapagbigay na sa kanya, at siya'y mababayaran? Sapagkat mula sa kanya, at sa pamamagitan niya, at para sa kanya ang lahat ng mga bagay. **Sumakanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman**. Amen." (Rom. 11:33-36).